Yabes-Galaad ang ginawa ng mga Pi-
listeo kay Saul, [12]lumabas ang lahat
nilang magigiting na lalaki at magdamag
na naglakbay, at kinuha nila mula sa
pader ng Betsan ang mga bangkay ni Saul
at ng kanyang mga anak. Nagbalik sila sa
Yabes, at doon sinunog ang mga ito. [13]Ki-
nuha nila ang mga buto at inilibing sa lilim
ng punong-tamarisko sa Yabes, at pitong
araw na nag-ayuno.



# 2 SAMUEL

Dalawang bahagi ng iisang libro ang mga aklat ni Samuel, kayat para rin sa ikalawang aklat ang sinabi sa Introduksyon sa una.

Isinasalaysay sa atin sa ikalawang bahaging ito ang mga gawa ni Haring David. Walang kasaysayang nasulat na kasintapat nito noong mga unang panahon. Kasaysayang sinulat ng isang tao ng Diyos, at alam niya kung paano madidiskubre ang tunay na kadakilaan ni David. Kaya ang katangi-tangi kay Haring David ay mapapansin sa isang serye ng maliliit na bagay na para sigurong walang halaga o kaya'y kahangalan pa nga para sa kanyang mga kapanahon (tingnan ang tungkol sa pagkakaiba nina David at Yoab, ang may nagagawa at ang "mabisa"). Ngunit hindi nakalampas ang mga ito sa nagsalaysay ng kanyang buhay. Kayat naintindihan ng Israel na kung nagkaroon nga sila ng ibang magagaling na mga hari, si David lamang ang nakapaglahad sa kanila ng isang larawan bilang pagpapauna sa tunay na Hari, si Kristo.

Para madaling maintindihan ang sumusunod na mga pangyayari, alalahanin nating bago pa man dumating si David ay itinuring na ng tribu ng Juda na nanirahan sa timog ng Palestina, na sila'y iba sa mga tribu ng Israel na nasa mas hilagang bahagi. Mas maraming kakampi si Saul sa hilaga samantalang taga-Betlehem naman si David, sa tribu ng Juda.

**Ibinalita kay David ang pagkamatay ni Saul**

1
• [1]Patay na si Saul. Nagbalik naman
si David matapos lupigin ang mga
Amalecita. Dalawang araw na si David sa
Siklag [2]nang sa ikatlong araw, may duma-
ting na lalaki mula sa kampo ni Saul –
warak ang damit at may alikabok sa ulo.

---

• **1.1** Ipinakikita ng unang reaksyon ni David pagkabalita nito sa pagkamatay ni Saul ang maganda niyang mga katangian. Mula sa sandaling iyon, isusulong niya ang pambansang pagkakaisa at sisikaping pagbuklurin sa kanya ang mga kakampi at mga kaaway ni Saul.

Pinuntahan niya si David at nagpatirapa
bilang pagpupugay. 3 Tinanong siya ni
David: "Saan ka galing?" At sumagot siya:
"Nakatakas ako sa kampo ng Israel." 4 At
sinabi ni David: "Ano'ng nangyari? Sabihin
mo sa 'kin." At sinabi niya: "Tumakas ang
mga tao mula sa labanan, marami ang
nabuwal at namatay. Patay na rin si Saul at
si Yonatan na kanyang anak."

5 Tinanong ni David ang kabataang nag-
uulat sa kanya: "Paano mo nalamang patay
na si Saul at si Yonatan na kanyang anak?"
6 Sumagot ang binata: "Nagkataong
nasa Bundok Gilboa ako at nakita kong
nakahilig si Saul sa kanyang sibat sa-
mantalang papalapit naman ang mga
karwahe at mangangabayo. 7 Lumingon
siya at tinawag ako pagkakita sa akin.
Sinabi kong 'Narito ako.' 8 Itinanong niya,
'Sino ka?' at sumagot ako, 'Isa akong
Amalecita.' 9 At sinabi niya sa akin,
'Halika at patayin mo ako sapagkat hindi
na ako makakilos bagamat buhay pa.'
10 Kaya nilapitan ko siya at pinatay
sapagkat alam kong hindi na siya ma-
aaring mabuhay pa matapos mabuwal.
At kinuha ko ang korona sa kanyang
ulo at ang pulseras sa kanyang bisig, at
dinala ko rito ang mga ito sa aking pangi-
noon."

11 Hinawakan ni David ang kanyang
damit at winarak, at gayundin ang ginawa
ng kanyang mga tauhan. 12 At nagluksa
sila, nanangis at nag-ayuno hanggang ki-
nagabihan dahil nabuwal sa tabak si Saul
at si Yonatang anak niya at ang bayan ng
Juda at ang sambahayan ng Israel.

13 Tinanong ni David ang binatang may
dala ng balita: "Tagasaan ka?" Sumagot
naman ito: "Anak ako ng isang dayong
Amalecita." 14 Sinabi ni David: "Bakit hindi
ka natakot pagbuhatan ng kamay ang pina-
hiran ni Yawe para patayin siya?" 16 Idi-
nagdag pa ni David: "Ikaw ang mananagot
sa iyong dugo sapagkat sarili mo nang bibig
ang sumaksi laban sa iyo nang sabihin
mong 'Pinatay ko ang pinahiran ni Yawe'."

15 At tinawag ni David ang isa sa kan-
yang tauhan at sinabi: "Halika at saksakin
siya." At sinaksak nga niya ang Amalecita
at ito'y namatay.

17 Inawit ni David ang panaghoy na ito
para kay Saul at kay Yonatang anak nito,
18 at ipinaturo niya sa mga anak ng Juda –
"Ang Pana". Nasusulat ito sa Aklat ng
Matuwid.

19 *"Pinaslang sa iyong kabundukan*
*ang ikinararangal ng Israel!*
*Nabuwal nga ang magigiting!*
20 *Huwag itong ipamalita sa Gat,*
*huwag ipahayag sa mga lansangan ng Askelon*
*kung hindi'y magagalak ang mga dalagang Pilistea,*
*magbubunyi ang mga anak na dalaga ng mga di-tuli.*
21 *O kabundukan ng Gilboa,*
*huwag ka nawang mahamugan o maulanan,*
*at mawalan ng masaganang bukid.*
*Sapagkat sa iyo nadungisan*
*ang kalasag ng magiting.*
*Pinahiran hindi ng langis*
*ang kalasag ni Saul*

---

*Mga bundok ng Gilboa.* Kilala na si David bilang magaling na makata (tingnan 1 S 16:18). Ipinapalagay na siya ang may gawa ng tulang ito na isa sa mga pinakamatandang tula sa Biblia.

*[22] kundi ng dugo ng mga pinatay,*
*ng taba ng magigiting.*
*Hindi umurong ang pana ni Yonatan,*
*di bumalik na walang tinamaan ang tabak ni Saul.*
*[23] Saul at Yonatan, minahal at kinagiliwan,*
*hindi nagkalayo sa buhay man o kamatayan.*
*Maliksi pa sa mga agila,*
*malakas pa sa mga leon.*

*[24] O mga dalaga ng Israel, iyakan si Saul,*
*binihisan niya kayo ng lugod at pulang damit,*
*ginayakan ng gintong palamuti ang iyong mga suot.*
*[25] At nangabuwal ang magigiting sa gitna ng labanan,*
*pinatay si Yonatan sa iyong kabundukan.*
*[26] Ako'y namimighati dahil sa iyo,*
*Yonatan na aking kapatid,*
*lubos kitang kinagiliwan!*
*Pagmamahal mo sa aki'y kahanga-hanga,*
*higit pa sa pag-ibig ng mga babae.*
*[27] Nangabuwal ang magigiting*
*at napuksa, mga sandata ng digmaan!"*

**Si David, hari ng Juda sa Hebron**

2 • [1] Pagkatapos nito, sumangguni si
David kay Yawe: "Dapat ba akong
umahon sa isa sa mga lunsod ng Juda?"
Sinabi sa kanya ni Yawe: "Umahon ka!"
Itinanong naman ni David: "Saan ako
pupunta?" Sumagot si Yawe: "Sa Hebron."
[2] At umahon nga si David sa Hebron, ka-
sama ang dalawa niyang asawang sina
Ahinoam ng Jezrael at Abigail na biyuda ni
Nabal ng Karmel. [3] Isinama rin niya ang
kanyang mga tauhan, at kasama naman
ng bawat isa ang kanyang sambahayan.
[4] At tumira sila sa mga bayan ng Hebron.
At dumating ang mga taga-Juda at pi-
nahiran ng langis si David bilang hari ng
bayan ng Juda.

Nalaman ni David na mga taga-Yabes-
Galaad ang naglibing kay Saul [5] kayat
nagpadala siya ng mga sugo sa kanila
para sabihing "Pagpalain kayo ni Yawe
dahil sa pagmamagandang-loob ninyong
ito sa inyong panginoong si Saul at ini-
libing ninyo siya. [6] At ngayon, ipakita
nawa ni Yawe sa inyo ang kanyang pag-
ibig at katapatan! Magiging maganda rin
ang kalooban ko sa inyo dahil sa ginawa
ninyong ito. [7] Maging malakas kayo nga-
yon at magiting sapagkat patay man ang
inyong panginoong si Saul, pinahiran
naman ako ng bayan ng Juda bilang hari
nila."
[8] Samantala, kinuha ni Abner na anak
ni Ner at heneral ng hukbo ni Saul si Isbaal

---

• **2.**1 Parang pinapanghihina ng pagkamatay ni Saul ang babago pa lamang at mahinang pagkakaisa ng labindalawang tribu.

Kinikilalang hari si David ng mga taga-Juda na mga katribu niya. Nananatili namang tapat sa anak ni Saul ang hilaga. Mula sa simula'y inisip na ni David na pag-isahin ang lahat. At para mangyari ang layunin niyang ito, kinuha niya ang simpatya ng mga kampi kay Saul at pinupuri niya ang mga tagahilaga sa paglilibing nila kay Saul.

Ayon sa kaugalian ng panahong iyon, depende sa kahalagahan ng hari ang dami ng kanyang mga asawa. Dadalawa pa lamang ang asawa ni David pero bago siya magpa-Jerusalem, magiging anim na ang mga ito (3:2-5).

na anak ni Saul, at dinala sa Mahanaim
9 at ginawa siyang hari ng Galaad at ng
mga taga-Aser at ng Jezrael, Efraim, Ben-
jamin at ng buong Israel. 10 Apatnapung
taon si Isbaal na anak ni Saul nang mag-
hari siya sa Israel, at dalawang taon
siyang naghari. Sumunod naman kay
David ang sambahayan ng Juda. 11 Pitong
taon at anim na buwang naging hari ng
sambahayan ng Juda sa Hebron si David.

**Digmaang-bayan**

12 Umalis sa Mahanaim patungong Gibeon si
Abner na anak ni Ner at ang mga lingkod ni
Isbaal na anak ni Saul. 13 Lumakad din si Yoab na
anak ni Sarvia at ang mga lingkod ni David. At
nagtagpo ang mga ito sa tangke ng tubig sa
Gibeon. Naupo ang isang pangkat sa isang tabi,
at sa kabilang tabi naman ang isa pang pangkat.
14 Sinabi ni Abner kay Yoab: "Patindigin natin
ang ilan sa mga kabataan at papaglabanin natin
sa ating harap." Sumagot si Yoab: "Sige."
15 Nagsitindig nga ang mga kabataan at hu-
manay: labindalawa sa mga Benjaminita ni
Isbaal na anak ni Saul, at labindalawa rin sa
tauhan ni David. 16 Hinawakan ng bawat isa ang
ulo ng kanyang kalaban, at sinaksak ng tabak sa
tagiliran, at sama-sama silang nabuwal. Kaya
tinawag na Bukid ng Labanan ang lugar na iyon
ng Gibeon.

17 Pagkatapos ng mabangis na sagupaan
nang araw na iyon, nagapi ng mga tauhan ni
David si Abner at ang mga tauhan ng Israel.
18 Naroon ang tatlong anak na lalaki ni Sarvia na
sina Yoab, Abisai at Asael. Simbilis ng mailap na
gasela si Asael, 19 at hinabol niya si Abner, at
hindi niya ito hiniwalayan. 20 Lumingon si Abner
at nagtanong: "Ikaw ba 'yan, Asael?" Sumagot si
Asael: "Ako nga." 21 Sinabi ni Abner sa kanya:
"Bumaling ka sa kanan o sa kaliwa, isa sa mga
kabataan ang sunggaban mo't samsamin ang
kanyang dala." Ngunit tumanggi si Asael na
hiwalayan si Abner 22 kaya muling sinabi ni
Abner: "Tigilan mo na ang paghabol sa akin.
Tiyak na mapapatay kita. At paano pa ako
makahaharap sa iyong kapatid na si Yoab?"
23 Ngunit ayaw humiwalay si Asael, kayat pa-
talikod na sinaksak siya ni Abner ng sibat sa
sikmura, at lumusot ito sa kanyang likod. Bu-
magsak siya roon at namatay noon din. At
huminto naman ang lahat ng mapadaan sa lugar
na kinamatayan ni Asael.

24 Tinugis nina Yoab at Abisai si Abner, at
sa pagtatakipsilim, dumating sila sa burol ng
Amma na nasa silangan ng Giah patungo sa
disyerto ng Gibeon.

25 Sinaklolohan ng mga Benjaminita si
Abner, at naggrupo sila at pumusisyon sa tuktok
ng isang burol. 26 At tinawag ni Abner si Yoab:
"Kailan ba masisiyahan ang tabak? Hindi mo ba
alam na kapaitan lamang ang wakas nito? Ka-
ilan mo sasabihin sa iyong mga tauhan na itigil
na ang paghabol nila sa kanilang mga kapatid?"
27 Sumagot si Yoab: "Buhay ang Diyos – at kung
hindi ka nagsalita, ipagpapatuloy ng bayan ang
paghabol sa kanilang mga kapatid hanggang
umaga." 28 Kaya hinipan ni Yoab ang trumpeta
at tumigil ang buong bayan at hindi na hinabol o
kinalaban pa ang Israel.

29 Magdamag na nilakad ni Abner at ng kan-
yang mga tauhan ang Araba hanggang maka-
tawid sa Jordan, at buong umagang naglakad
hanggang Mahanaim. 30 Nagbalik naman si
Yoab mula sa paghabol kay Abner at tinipon ang
lahat niyang tauhan. Bukod kay Asael, labin-
siyam sa mga tauhan ni David ang nawawala.
31 Tatlundaa't animnapu naman ang napatay ng
mga tauhan ni David sa mga Benjaminita at sa
mga tauhan ni Abner. 32 Binuhat nila si Asael at
inilibing sa libingan ng kanyang ama sa Betle-
hem. At magdamag na naglakbay si Yoab at ang
kanyang mga tauhan, at maliwanag na nang
dumating sila sa Hebron.

3 • 1 Tumagal ang digmaan ng sambahayan
ni Saul at ni David. At sa pag-lakas ni
David, gayon naman ang paghina ng samba-
hayan ni Saul.

2 Nagkaroon ng mga anak na lalaki si David
sa Hebron: si Amnon ang kanyang panganay na
anak ni Ahinoam ng Jezrael, 3 pangalawa si
Kileab na anak ni Abigail na biyuda ni Nabal ng
Karmel, pangatlo si Absalom na anak ni Ma-
acang anak ni Talmai na hari ng Gesur, 4 pang-
apat si Adonias na anak ni Hagit, panlima si
Sefatias na anak ni Abital, 5 at pang-anim si

---

• **3.**1 Ang mga anak ni David ang magiging sanhi ng matindi niyang pagdurusa. Ang pagkakaroon niya ng maraming asawa ang maghahatid ng pag-aaway ng mga kapatid para sa paghalili sa trono: sa katunayan, sa sulsol ng kanya-kanyang ina, sisikapin ng bawat panganay na palitan si David. Dahil dito, tatlo sa kanyang mga anak: sina Amnon, Absalom at Adoniah, ang mamamatay sa paghabol sa kapangyarihan, bago ipaubaya ang trono kay Solomon na hindi pa ipina-nganganak nang naghahari si David sa Hebron (tingnan din ang 1 H 2:1).

Itream na anak ni Eglang asawa ni David. Ang mga ito ang naging anak ni David sa Hebron.

6 Samantalang patuloy ang digmaan ng mga sambahayan nina Saul at David, pinalalakas naman ni Abner ang kanyang pusisyon sa sambahayan ni Saul.

7 May asawang-alipin si Saul na Rizpa ang pangalan, na anak ni Aya. At sinabi ni Isbaal kay Abner: "Ba't ka sumiping sa asawang-alipin ng aking ama?"
8 Galit na galit si Abner dahil sa sinabi ni Isbaal, at sumagot siya: "Ano ako, ulo ng aso sa panig ng Juda? Naging tapat ako hanggang ngayon sa sambahayan ng iyong amang si Saul, sa kanyang mga kapatid at kaibigan, at hindi kita ipinagkanulo kay David, at pinararatangan mo ako ngayon dahil sa babaeng ito!
9 Parusahan ako ng Diyos at masahol pa, kung hindi ko magagawa para kay David ang ipinangako sa kanya ni Yawe
10 na ilipat ang kaharian mula sa angkan ni Saul at itatag ang trono ni David sa Israel at Juda mula Dan hanggang Berseba."

11 Hindi nakasagot si Isbaal kay Abner dahil takot ito sa kanya.

12 Nagpadala ng mga sugo si Abner para sabihin kay David: "Kanino ba ang lupain? Makipagkasunduan ka sa akin at tutulungan kitang madala sa iyo ang buong Israel."
13 Sumagot si David: "Magaling! Makikipagkasunduan ako sa iyo pero sa isang kundisyon: makahaharap ka lamang sa akin kung kasama mo si Micol na anak ni Saul."

• 14 At nagpadala naman ng mga sugo si David kay Isbaal na anak ni Saul at sinabing "Ibigay mo sa akin ang aking asawang si Micol na nakamit kong kapalit ng isandaang balat na tinuli sa mga Pilisteo."
15 Ipinasundo ni Isbaal si Micol at inagaw sa asawa nitong si Paltiel na anak ni Lais.
16 Ngunit sinundan ito ng kanyang asawang lumuluha habang daan hanggang Bahurim. At sinabi ni Abner sa kanya: "Umuwi ka na!" at bumalik nga siya.

17 Nakipag-usap si Abner sa mga matatanda ng Israel at sinabi sa mga ito: "Matagal na ninyong gustong maging hari si David.
18 Gawin ninyo ito ngayon. Sapagkat nangako si Yawe kay David at sinabing 'Sa pamamagitan ni David na aking lingkod, ililigtas ko ang aking bayang Israel mula sa kamay ng mga Pilisteo at ng lahat nilang kaaway'."
19 Kinausap din ni Abner ang mga taga-Benjamin, at saka siya nagpunta sa Hebron para sabihin kay David ang lahat ng mabuti sa palagay ng Israel at ng buong sambahayan ng Benjamin.

**Pinatay ni Yoab si Abner**

20 Kasama ni Abner ang dalawampu niyang tauhan nang puntahan nito si David sa Hebron, at naghanda naman ng malaking salu-salo si David para kay Abner at sa mga tauhan nito.
21 At pagkatapos, sinabi ni Abner kay David: "Aalis ako ngayon at titipunin ko sa aking panginoong hari ang buong Israel upang makipagkasunduan sila sa iyo at ikaw ang makapaghari sa lahat ng hangad mo."

Pinalakad ni David si Abner at umalis itong mapayapa.

22 Hindi nagtagal, dumating naman ang mga tauhan ni David at si Yoab mula sa pananalakay at marami silang dalang nasamsam. Hindi na isinama ni David sa Hebron si Abner kundi pinalakad na niya ito at mapayapang umalis.

23 Pagdating ni Yoab at ng buong hukbong kasama niya, may nagsabi sa kanya na pinuntahan ni Abner na anak ni Ner ang hari, at pinalakad siya ng hari at umalis naman itong mapayapa.
24 Pinuntahan ni Yoab ang hari at sinabi: "Ano ang ginawa ninyo? Pinuntahan pala kayo ni Abner. Bakit ninyo siya pinaalis at pinayagang makalayo?
25 Kilala naman ninyo si Abner na anak ni Ner, naparito siya para linlangin kayo at alamin ang inyong mga plano at lahat ng inyong ginagawa."

26 Iniwan ni Yoab si David at nagpadala ng mga sugo para habulin si Abner, at ibinalik siya ng mga ito mula sa balon ng

• 14. Kung minsa'y sinasabi ng Biblia na pumapasok ang Diyos sa maraming pagkakataon para gabayan si David at papagtagumpayin. Pero hindi nito inaalis ang katotohanang matalino at may kakayahan si David, at kaya niyang pamunuan ang buong Israel. Walang kaibahan ang pagkilos ng Diyos nang panahong iyon sa ngayon. Ang tao ang siyang laging sumusulat ng kasaysayan, may madilim at may maliwanag.

Hangad ng bagong hari na pag-isahin ang bansa para magkaroon ng isang malakas na bayan. Inilalahad sa atin ng salaysay na ito ang isang pansamantalang pagkakaisa na mabibigo dahil sa makitid at mapaghiganting kalooban ng mga pinunong militar.

Binibigyang-diin ng salaysay ang tatlong baitang ng saradong pag-iisip sa isang pulitiko:

– naniniwala siyang ang kanyang mga kapartido

Sirah. Pero hindi iyon alam ni David.
27 Bumalik nga si Abner sa Hebron, at mag-isa siyang isinama ni Yoab sa may pintuan ng lunsod na kunwa'y kakausapin nang sarilinan. Doon niya ito sinaksak sa tiyan para ipaghiganti ang dugo ni Asael na kanyang kapatid. At ito'y namatay.

30 Pinatay ni Yoab at ni Abisai na kanyang kapatid si Abner dahil pinatay nito sa labanan sa Gibeon si Asael na kanilang kapatid.

28 Nang mabalitaan iyon ni David pagkatapos, sinabi niyang "Ako at ang aking kaharia'y di parurusahan ni Yawe kailanman sa dugo ni Abner na anak ni Ner.
29 Singilin nawa ito kay Yoab at sa buong sambahayan ng kanyang ama. At huwag nawang mawalan ang sambahayan ni Yoab ng maytulo o ketongin o may hawak na pangkidkid ng sinulid o ng nabubuwal sa tabak o ng walang makain."

31 At sinabi ni David kay Yoab at sa lahat ng kasama niya: "Warakin ang inyong damit, magbihis ng sako at magluksa sa harap ni Abner." At si Haring David mismo ay nakipaglibing. 32 Inilibing
nila si Abner sa Hebron; at malakas na nanangis ang hari sa libingan ni Abner at umiyak din ang buong bayan.

33 Inawit ng hari ang panaghoy na ito para kay Abner:

"Dapat bang mamatay na parang isang hangal si Abner?
34 Hindi nakagapos ang iyong mga kamay,
hindi nakakadena ang iyong mga paa
ngunit nabuwal kang gaya ng mga nabubuwal
sa harap ng masasama."

At muli siyang iniyakan ng buong bayan.
35 Nilapitan nilang lahat si David para pakainin habang araw pa, ngunit sumumpa si David: "Gawin ito sa akin ng Diyos at higit pa kung titikim ako ng tinapay o anuman bago lumubog ang araw!"

36 Namabuti ito ng mga tao gaya ng lahat ng ginawa ng hari. 37 Sa araw na iyon, naunawaan
ng buong bayan at ng buong Israel na hindi ang hari ang nagpapatay kay Abner na anak ni Ner.

38 Sinabi ng hari sa kanyang mga tauhan: "Alam ba ninyo na isang heneral at dakilang tao ang namatay sa araw na ito sa Israel? 39 At
ngayon, ako nga ang pinahirang hari ngunit wala akong magawa para pigilin ang mga anak na ito ni Sarvia. Si Yawe nawa ang sumingil sa maygawa ng masama ayon sa kanyang kasamaan."

**Pinatay si Isbaal**

4 1 Nang mabalitaan ni Isbaal na anak ni Saul na namatay si Abner sa Hebron, nanlumo siya at nangilabot naman ang buong Israel.
2 May dalawang tauhan ang anak ni Saul, dalawang kapitan ng mga mananalakay: si Baana ang isa at si Rekab naman ang isa pa, kapwa mga anak ni Rimong taga-Beerot. Mga Benjaminita sila sapagkat itinuturing pa ring bahagi ng Benjamin ang Beerot. 3 Tumakas ang mga
taga-Beerot papuntang Gitaim at doon tumira bilang mga dayuhan hanggang sa araw na ito.

4 (May isa namang lumpong anak na lalaki si Yonatang anak ni Saul. Limang taon ang bata nang dumating ang balita mula sa Jezrael tungkol kina Saul at Yonatan. Kinarga siya ng kanyang yaya para tumakas. Pero sa kanyang pagmamadali, nahulog ang bata at nalumpo. Mefibaal ang pangalan nito.)

5 Samantala, umalis sina Rekab at Baana na mga anak ni Rimon ng Beerot. Sa kainitan ng araw, dumating sila sa bahay ni Isbaal na nagsisiesta noon. 6 Nagpipili ng trigo ang babaeng
bantay sa pinto, ngunit inantok ito at nakatulog kaya nakapasok sa loob ng bahay si Rekab at si Baanang kapatid nito. 7 Mabilis silang pumasok
sa kuwarto ni Isbaal na natutulog sa kanyang higaan. Sinaksak nila ito at pinatay, pinugutan ng ulo at kinuha iyon. At magdamag silang naglakbay sa daang pa-Araba. 8 Dinala nila ang
ulo ni Isbaal kay David sa Hebron at sinabi sa hari: "Hayan ang ulo ni Isbaal na anak ni Saul, ang inyong kaaway na nagtangka sa inyong buhay. Sa araw na ito, ipinaghiganti ni Yawe ang aking panginoong hari laban kay Saul at sa kanyang lahi."
9 Ngunit sinagot ni David si Rekab at si

---

ang mabuti, at ang mga nasa kalabang partido ang masama;

– at pagkatapos ay ituturing niyang masasamang intensyon sa bahagi ng kalabang partido ang lahat ng ginagawa nito;

– at sa katapusa'y ililigpit niya ang mga ito sa anumang paraan.

Baanang kapatid nito na mga anak ni Rimon ng Beerot: "Buhay si Yaweng sumagip sa akin sa lahat ng kagipitan! 10 Nang may nagsabi sa aking patay na si Saul sa paniniwalang magandang balita ang dala niya, sinunggaban ko siya at pinatay sa Siklag, na magagantimpalaan ko sana. 11 Gaano pa ngayon kung masasamang tao ang pumaslang sa isang taong matuwid sa sarili niyang pamamahay at sa sarili niyang higaan? Hindi ko ba sisingilin ngayon ang kanyang dugo mula sa inyong mga kamay at buburahin kayo sa lupa?"

12 At inutusan ni David ang kanyang mga tauhan. At pinatay sila ng mga ito, pinutol ang kanilang mga kamay at paa, at isinabit ang mga iyon sa may tangke ng tubig sa Hebron. Kinuha naman nila ang ulo ni Isbaal at inilibing sa libingan ni Abner sa Hebron.

### Si David, hari ng Israel

**5** • 1 Nagpunta kay David sa Hebron ang lahat ng tribu ng Israel at sinabi: "Buto't laman mo kami. 2 Sa nagdaang panahon, nang si Saul ang hari namin, ikaw na ang namuno sa Israel sa lahat ng bagay. At sinabi ni Yawe sa iyo na ikaw ang magiging pastol ng kanyang bayang Israel at magiging pinuno ka ng Israel." 3 Nakipagkasunduan si Haring David sa harap ni Yawe sa lahat ng matatanda ng Israel na pumunta sa kanya sa Hebron, at pinahiran naman nila si David bilang hari ng Israel.

4 Tatlumpung taon si David nang maging hari siya, at apatnapung taon siyang naghari: 5 pitong taon at anim na buwan bilang hari ng Juda sa Hebron at tatlumpu't tatlong taon naman sa buong Israel at Juda sa Jerusalem.

### Inagaw ni David ang Jerusalem

6 Nagpunta ang hari at ang kanyang mga utusan sa Jerusalem laban sa mga Yebuseong naninirahan sa lupain. Sinabi ng mga ito kay David: "Di ka makapapasok dito pagkat itataboy ka ng mga bulag at pilay," na ibig sabihi'y hinding-hindi makapapasok si David. 7 Ngunit nabihag ni David ang kuta ng Sion na naging "Lunsod ni David".

8 Sinabi ni David nang araw na iyon: "Kailangang dumaan sa tunel na daluyan ng tubig ang sinumang lulusob sa mga Yebuseo papunta sa mga pilay at bulag na iyon na kinamumuhian ni David." Kaya naging kasabihan "Hindi makapapasok sa Bahay ang mga bulag at pilay."

9 Tumira si David sa kuta at tinawag iyong Lunsod ni David. Nagtayo siya sa buong paligid niyon mula sa Milo gayundin sa loob. 10 Lalong naging makapangyarihan si David sapagkat sumasakanya si Yaweng Diyos ng mga Hukbo.

11 Nagpadala ng mga sugo kay David si Hiram na hari ng Tiro, may dalang mga trosong sedro at may kasamang mga karpintero at mga kantero, at nagtayo sila ng bahay para kay David.

12 At naunawaan ni David na inilagay nga siya ni Yawe bilang hari sa buong Israel, at itinaas ang kanyang kaharian alang-alang sa bayan nitong Israel. 13 Pagkagaling niya sa Hebron, kumuha

---

• **5.**1 Dakilang araw ito para kay David at sa Israel Kinilala siyang hari ng mga tagahilaga, at nagkaroon ng pagkakaisa sa buong lupain. Inihihiwalay ng distrito ng Jerusalem na nasa kamay ng mga Kananeo ang mga tribung nasa hilaga sa mga nasa timog. Sinakop ni David ang Jerusalem na naging kabisera ng nagkakaisang kahariang ito.

Pangwakas na yugto ito. Ginagawa ng Diyos ang Jerusalem na nakikitang sentro ng kanyang pagsama sa kanyang bayan.

Mula noon, sa Jerusalem na malalagay ang Kaisa-isahang templo ng Diyos; at silang mga naghahari sa Jerusalem ang magiging mga tunay na hari ng bayan ng Diyos. Ang Jerusalem ang magiging larawan ng Iglesya. Malalaman ng mga Kristiyano na pagkalipas ng Jerusalem ng Palestina, may ibang Jerusalem na ipinangako sa kanila ang Diyos, ang makalangit na Jerusalem (tingnan Pag 20 at 21).

Ang Jerusalem ang larawan ng langit at pati na ng Iglesya sa lupa. Malimit na tinatawag itong "Sion" sa Biblia dahil ito ang pangalan ng pinakamatandang bahagi ng Jerusalem. Tinatawag din itong "siyudad ni David."

Sa Biblia, ang pagkakaisa ng hilaga at timog na bahagi ng kaharian ay isang malinaw na tanda ng pamumuhay nila sa grasya ng Diyos. Nauuwi sa pagkakawatak-watak ng mga tao ang lahat ng kataksilan sa Diyos, at kasalanan sa Diyos ang lahat ng pagkakawatak-watak ng mga tao. Ito ang dahilan ng pagsisikap ng mga nananampalataya sa lahat ng bagay na nagtataguyod sa pagkakaisa at pagtutulungan.

pa si David ng iba pang mga asawang-alipin at
mga asawa sa Jerusalem, at nagkaroon siya ng
mas marami pang mga anak na lalaki at babae.
14 Ito ang mga pangalan ng mga ipinanganak sa
kanya sa Jerusalem: Samua, Sobab, Natan,
Solomon, 15 Yibar, Elisua, Nefeg, Yafia, 16 Eli-
sama, Eliada at Elifelet.

17 Nang mabalitaan ng mga Pilisteo na pina-
hiran na bilang hari ng Israel si David, umahon
silang lahat para hulihin si David. Nang mala-
man iyon ni David, nagpunta siya sa kuta.
18 Dumating na at humanay ang mga Pilisteo sa
Lambak ng Refaim. 19 Sinangguni naman ni
David si Yawe: "Sasalakay ba ako sa mga Pilis-
teo? Ibibigay mo ba sila sa aking mga kamay?"
Sinabi ni Yawe kay David: "Sige, sapagkat ibi-
bigay ko nga ang mga Pilisteo sa iyong mga
kamay." 20 Pumunta si David sa Baal-Perazim at
nalupig niya sila roon. Sinabi niya: "Piniraso ni
Yawe ang aking mga kaaway na parang dina-
anan ng baha." Kaya tinawag na Baal-Perazim
ang lugar na iyon. 21 Kinuha ni David at ng
kanyang mga tauhan ang mga diyus-diyusang
iniwan ng mga Pilisteo.

22 Bumalik ang mga Pilisteo at muling hu-
manay sa Lambak ng Refaim. 23 Sinangguni ni
David si Yawe at sinabi nito sa kanya: "Huwag
kang sumalakay sa harap kundi palibutan mo
sila sa likuran at lusubin sila sa tapat ng mga
punong-balsamo. 24 Kapag nakarinig ka ng mga
yabag sa itaas ng mga punong-balsamo, sumu-
god ka agad sapagkat mangunguna sa iyo si
Yawe sa pagsugod sa hukbong Pilisteo." 25 Gina-
wa nga ni David ang iniutos ni Yawe at pinag-
tataga niya ang mga Pilisteo mula Gibeon hang-
gang Gezer.

**Inilipat ni David sa Jerusalem ang Kaban**

**6** • 1 Muling tinipon ni David ang mga
piling kalalakihan ng Israel – tat-
lumpung libong lahat. 2 Siya at lahat ng
kasama niya pa-Baala ng Juda ay luma-
kad para dalhin mula roon ang Kaban ng
Diyos kung saan binigkas at inilagay
mismo ni Yawe ng mga Hukbo ang kan-
yang Pangalan, siya na nakaluklok sa
mga kerubin.

3 Isinakay nila ang Kaban ng Diyos sa
isang bagong kariton at dinala ito mula sa
bahay ni Abinadab sa burol. Sina Uzza at
Ahio na mga anak ni Abinadab ang uma-
gapay sa bagong kariton, 4 nangunguna
sa Kaban si Ahio. 5 Buong lakas na suma-

---

• **6.**1 Napakaimportante para sa mga Israelita ang Kaban. Naroon ang Batas na tinanggap ni Moises sa Diyos sa Bundok Sinai. At isa pa'y naniniwala ang mga Israelita na nasa ibabaw ng Kaban ang Diyos, at ang gintong takip niyon ang tuntungan ng kanyang mga paa. Gusto rin ng Diyos na ipaunawa sa kanila na kapiling siya ng kanyang bayan, bilang kaibigan ngunit may kalakip na mga pananagutan.

Pero kanino nga ba ang Kaban? Para ito sa labindalawang tribu at hindi para sa isa lamang sa kanila. Kaya nagkaroon ito ng iba't ibang santuwaryo: Silo, Gilgal, Betel, ayon sa hinihingi ng pagkakataon. At ano naman ang balak ni David sa pagdadala nito sa Jerusalem na kanyang bagong kabisera? Isa kaya itong maneobrang pampulitika para patatagin ang kanyang kapangyarihan sa buong Israel? Siyempre naman. Pero higit pa rito, isa rin itong gawang panrelihiyon sa panahong hindi pa alam ang paghihiwalay ng kapangyarihang pulitikal at panrelihiyon.

Hanggang noo'y ang Israel sa kabuuan nito ang hinirang ni Yawe, ang panganay na anak ng Diyos. Ngunit wala isa mang Israelita ang ipinapalagay na marapat sa espesyal na aten-syon ng Diyos ng kanilang bayan. At alam na ngayon ni David na siya ang hinirang ng Diyos, ang "anak ng Diyos," ayon sa salita ni Propeta Natan para sa kanyang mga inapo. Kaya naman iginigiit ni David ang karapatang malagay nang mas malapit sa kanya ang Kaban. Gusto niyang ilagay ang presensyang ito ng Diyos sa isang templo na magiging pinakakapilya ng kanyang pamilya. Pero wala na ang templong ito.

Mahal nga ng Diyos ang lahat ng tao pero si David ang unang nakadama nito at makikita natin ito sa napakasimple niyang relasyon sa Diyos. Paglipas ng mga panahon, mauunawaan ng mga propeta na ang mga pangakong binitiwan ng Diyos kay David ay para sa ating lahat pala na naniniwala kay Kristong bugtong na Anak ng Diyos.

Sa Israel, ang mga kalalakihan lamang ng tribu ng Levi ang may karapatang maglingkod kay Yawe at lumapit sa mga sagradong bagay dahil sa natatangi nilang pagkakatalaga kay Yawe. Pinatuloy ni Obed-Edom at ng kanyang mga anak ang Kaban sa kanilang tahanan. Pero hindi nila puwedeng hipuin ang Kaban nang hindi naaapektuhan ng matinding lakas na nagmumula sa Diyos na Banal. Sinasabi ng Biblia na "pinarusahan" si Uzza. Ngunit ang salitang ito ay ayon sa kaisipan ng mga taong iyon na ipinagkakamali ang kasalanan sa di sinasadyang pagkakamali.

Isang tandang naaayon sa kaisipan ng panahong iyon ang pagkamatay ni Uzza, para ipaliwanag na dakila sa lahat ang Diyos at tunay rin siyang nasa piling ng kanyang bayan sa natatanging paraan.

*Ipinadala ni David* ang Kaban *sa bahay ni Obed-Edom.* Bakit sa bahay ng isang dayuhan ito dinala? Dahil ba sa hindi papananagutin ni Yawe ang di-Israelitang ito? O dahil ba sa mas mabuti nang isang dayuhan na ang manganib na dumanas ng poot ni Yawe? Ngunit kung pagpapala ang hatid ng Kaban sa nagpapatuloy rito, sa tabi ng hari ang natural na lugar nito!

Ibang larawan ang nadidiskubre ng Ebanghelyo ni

sayaw si David at ang buong sambahayan
ng Israel sa harap ni Yawe, nagkakan-
tahan at nagtutugtugan ng lira, alpa, tam-
burin, kastanet at pompiyang.
6 Pagsapit nila sa giikan ni Nakon,
inabot ni Uzza ang Kaban ng Diyos at
hinawakan pagkat muntik na itong itaob
ng mga baka. 7 Sumiklab ang galit ni Yawe
kay Uzza at noon di'y pinarusahan siya ng
Diyos dahil sa kanyang pagkakamali. Na-
matay si Uzza doon sa tabi ng Kaban ng
Diyos.
8 Nagalit si David dahil pinarusahan ni
Yawe si Uzza, at tinawag na Perez-Uzza
ang lugar na iyon hanggang ngayon.
9 Natakot si David kay Yawe nang araw
na iyon at sinabi: "Paano makararating sa
akin ang Kaban ni Yawe?" 10 At ayaw na ni
David na dalhin sa kanya ang Kaban ni
Yawe sa Lunsod ni David, at sa halip ay
ipinadala niya sa bahay ni Obed-Edom na
taga-Gat. 11 Tatlong buwan doon ang
Kaban ni Yawe, at pinagpala ni Yawe si
Obed-Edom at ang buo nitong samba-
hayan. 12 May nakapagbalita kay Haring
David na pinagpala ni Yawe ang samba-
hayan ni Obed-Edom at ang lahat nitong
ari-arian dahil sa Kaban ng Diyos.
Kaya lumusong si David at masayang
iniahon sa Lunsod ni David ang Kaban ng
Diyos mula sa bahay ni Obed-Edom.
13 Nakaaanim na hakbang pa lamang ang
mga may dala sa Kaban ni Yawe, naghan-
dog na siya ng isang toro at isang pinata-
bang guya.

• 14 Buong lakas na sumasayaw si David
na nakaefod na linen sa harap ni Yawe
15 habang dala niya at ng buong samba-
hayan ng Israel ang Kaban ni Yawe sa gitna
ng hiyawan at tunog ng trumpeta. 16 Pag-
pasok ng Kaban ni Yawe sa Lunsod ni
David, dumungaw sa bintana si Micol na
anak ni Saul. At nang makita niya si David
na lumulundag at sumasayaw sa harap ni
Yawe, nakutya siya rito sa kanyang puso.
17 Ipinasok nila ang Kaban ni Yawe at
inilapag sa lugar nito sa toldang sadyang
ipinatayo ni David para rito. At nag-alay si
David sa harap ni Yawe ng mga sinunog
na handog at mga hain sa mabuting pag-
sasamahan. 18 Nang matapos ang pag-
hahandog, pinagpala niya ang bayan sa
Ngalan ni Yawe ng mga Hukbo. 19 At ipina-
mahagi niya sa buong bayan, sa bawat
lalaki at babaeng Israelita ang tig-isang
tinapay, isang hiwa ng inihaw na guya at
bibingkang pasas. At nagsiuwi ang lahat
sa kani-kanilang tahanan.
20 Pag-uwi ni David para basbasan ang
sariling sambahayan, sinalubong siya ni
Micol na anak ni Saul at sinabi: "Napaka-

---

Lucas sa salaysay na ito. Tulad ng Kaban at sa mas kahanga-hanga pang paraan, dinala ng Mahal na Birheng Maria sa kanyang sinapupunan ang Diyos mismo sa loob ng siyam na buwan. At nang magkatawang-tao siya, pinagtibay niya ang ganap at walang-hanggang Tipan sa lahat ng bayan sa mundo. Kaya may ilang nagbigay kay Maria ng pamagat na "Kaban ng Tipan". Ang tekstong ito ang nasa harap mismo ni Lucas nang isinasalaysay niya ang pagdalaw ng Mahal na Birhen kay Isabel. (Bigyang-pansin lalo na ang mga bersikulo 9 at 11, at ihambing sa Lucas 1:39-45 at 56-64).

• 14. Ilarawan natin sa isip ang paglilipat ng Kaban. Isa itong malaking prusisyon ng libu-libong tao, nagkakantahan, nagsasayawan at nagtutugtugan sa pangunguna mismo ng hari. Di-mabilang na handog ang iniaalay. Masayang-masaya ang lahat sapagkat nasa kanyang bayan ang Panginoon. Ito ang matagumpay na pagpasok ng Kaban ng Tipan sa dapat nitong kalagyan sa kabisera ng lupain.

*Sumasayaw si David... sa harap ni Yawe.* Naiintindihang mabuti ni David ang kanyang ginagawa. Alam niya na kahit na ang lahat-lahat man ay kaunti pa rin para ipagpasalamat sa Diyos. At wala siyang pakialam sa maaaring isipin ng iba tungkol sa kanya basta't maipakita lamang niya ang kanyang tuwa sa Panginoon kaya kumakanta siya at sumasayaw.

*Nakutya kay David si Micol sa kanyang puso.* Walang naiintindihan si Micol na anak ni Saul. Mas pinoproblema niya ang "maaaring sabihin ng tao" kaysa pagpupuri sa Diyos.

Sa bahaging ito, isang dakilang hari ang nagtuturo sa atin ng tunay na kadakilaan. At ipinaaalaala niya sa atin ang mga halimbawa ng buhay sa araw-araw: ang kabataang nakapagtapos ng pag-aaral pero nananatili pa rin sa kanilang baryo, at kasinsimple pa rin ng dati; isang Kristiyano na hindi ikinahihiya ang kanyang pananampalataya at isinasabuhay ito, may nakakakita man o wala.

laking karangalan nga naman para sa hari
ng Israel ngayon na maghubad siyang
gaya ng mga bastos sa harap ng mga
aliping babae ng kanyang mga lingkod."
21 Ngunit sinabi ni David kay Micol: "Sa
harap ni Yawe ako sumayaw. Buhay si
Yaweng pumili sa akin kaysa iyong ama at
sa kanyang sambahayan, at hinirang niya
akong pinuno ng Israel na bayan ni Yawe.
At maglulundag ako sa tuwa sa harap
niya. 22 Mas magpapakababa pa ako
kaysa rito at maaaring hamakin mo ako
pero pararangalan naman ako ng mga
babaeng aliping binabanggit mo."
23 At hindi nagkaanak si Micol na anak ni
Saul hanggang sa araw na namatay siya.

**Propesiya ni Natan**

**7** • 1 Nang nasa kanyang bahay na ang
hari at binigyan siya ng kapahinga-
han ni Yawe mula sa lahat niyang kaaway
sa paligid, 2 sinabi niya sa propetang si
Natan: "Tingnan mo, nakatira ako ngayon
sa isang bahay na sedro pero nasa tolda
lamang ang Kaban ng Diyos." 3 Sumagot
si Natan: "Gawin mo ang iniisip mo sa-
pagkat sumasaiyo si Yawe."
4 Ngunit nang gabing iyon, dumating
ang salita ni Yawe kay Natan:
5 "Humayo ka at sabihin sa aking ling-
kod na si David, 'Ito ang sinasabi ni Yawe:
Ikaw ba ang magtatayo ng bahay na aking
titirhan? 6 Hindi pa ako tumitira sa bahay
sapul nang iahon ko ang mga Israelita
mula sa Ehipto hanggang sa araw na ito.
Kundi nagpalipat-lipat ako sa mga lugar
na isang tolda ang tirahan. 7 Sa buong
panahong naglakbay akong kasama ang
lahat ng Israelita, may sinabi ba ako sa
mga pinuno ng Israel na inutusan kong
ipastol ang aking bayang Israel? Sinabi ko
ba: Bakit hindi ninyo 'ko ipagtayo ng
isang bahay na sedro?'

---

• **7**.1 *Nakatira ako sa bahay na sedro pero nasa tolda lamang ang Kaban ni Yawe.* Iniisip ni David na kung may palasyo ang hari, bakit di dapat magkaroon ang Diyos? Pero iba ang iniisip ng Diyos na pinakadakila sa lahat at ipinaaalam niya ito sa pamamagitan ng kanyang propetang si Natan.

Nang unang panahon, hindi mapapayagang walang sariling templo at palasyo ang kapitolyong lungsod. Hindi maipaghihiwalay ang pagsasama ng Diyos at ng hari para matiyak ang maayos na kalagayan ng bansa. Pero ang kuro-kurong ito na may malalim na kaugnayan sa relihiyon (tingnan ang paliwanag sa Dt 4:1) ay tututulan ng Ebanghelyo.

Ang Diyos ang magtatayo ng bahay para kay David. Ang *bahay* sa Biblia ay nangangahulugan ng *sambahayan,* ang mga tao at mga bagay na pag-aari ng isa. Ang "bahay" ni David ay ang kanyang pamilya, ang kanyang mga tauhan, ang kanyang bayan.

*Magtatakda ako ng lugar para sa aking bayang Israel.* Pinipili ng Diyos ang sandaling ito sa isang pinakamahalagang hakbang sa pagbubuo ng kanyang bayan. Isang bayang may labindalawang tribu ang Israel mula pa sa panahon ni Moises. Ngayon, magiging organisadong bansa ito sa sarili nilang lupa, may isa at matatag at pangkalahatang pamunuan: ang mga haring inapo ni David.

*Patatanyagin ko ang iyong pangalan tulad sa mga dakilang tao.* Sinasamahan ni Yawe si David sa lahat niyang gawain. Ngayon nama'y magagamit siya ng Diyos at ang kanyang mga gawa para magtayo ng isang permanenteng bagay para sa kaligtasan ng mga tao.

Ganito rin ang nangyari kay Abraham (Gen 17:7). Mangyayari rin ito kay Pedro (Mt 16:18).

Mula ngayo'y ang kaharian ni David ang magiging Kaharian ng Diyos. *Bibigyang-kapangyarihan ko ang iyong supling na kasunod mo* (tingnan Lc 1:32).

Si Solomong anak at kahalili ni David ang unang tinutukoy ng pangako ng Diyos, pero pati na ang mga darating na kasunod niya. Parang nasira ang pangako nang mawasak ang kaharian ni David pagkaraan ng apat na dantaon. Ngunit si Jesus na isa sa kanyang mga inapo ang sa dakong huli'y siyang lubos na magsasakatuparan sa ipinahayag ni Natan. Maraming beses sa Ebanghelyo na tatawaging *anak ni David* si Jesus (Mc 12:35).

Magiging hari rin si Jesus, kahit na hindi gaya ng mga pinuno ng mundong ito. Ganap niyang isasakatuparan ang mga balangkas sa katauhan ni David:

– ang pastol na magbubuklod sa mga tupang nakakalat,

– ang mananakop na nagbibigay sa kanyang bayan ng kapayapaang kanyang sinakop;

– ang kinatawan ng Diyos sa piling ng mga tao.

May dalawang tampok na aral ang paraan ng pangunguna ng Diyos kay David at ng pagsagot niya:

– Tulad sa kaso ni David, kadalasa'y may gustong ialay ang mga tao sa Diyos. Sa totoo'y hindi natin siya kailanman mauunahan; ibinibigay na niya ang kanyang mga pagpapala bago pa man tayo makapagsimulang maglingkod sa kanya.

– Sa kabilang dako naman, hindi ang templong itinatayo natin para sa kanya ang pinahahalagahan niya kundi ang espirituwal na templong gusto niyang itayo sa mga tao mismo, isang proyektong magkakatotoo lamang pagkaraan ng maraming dantaon, sa pamamagitan ng kanyang Iglesya.

8 Sabihin mo ngayon sa aking lingkod
na si David: Ito ang sinasabi ni Yawe ng
mga Hukbo: Kinuha kita sa pastulan at
mula sa pagsunod sa kawan para maging
pinuno ng aking bayang Israel. 9 Sumaiyo
ako saan ka man pumunta, at pinuksa ko
sa harap mo ang lahat mong kaaway. At
ngayon, patatanyagin ko ang iyong pa-
ngalan tulad sa mga dakilang tao sa
daigdig. 10 Magtatakda ako ng lugar para
sa aking bayang Israel at doon ko sila
ipupunla upang mabuhay sila sa sarili ni-
lang lugar. Wala nang gugulo sa kanila at
hindi na muling sisiilin ng masasama gaya
noong una. 11 Mula nang humirang ako ng
mga hukom sa aking bayang Israel, ikaw
lamang ang binigyan ko ng kapahingahan
mula sa lahat ng kaaway. At sinasabi sa
iyo ni Yawe na siya mismo ang magtatayo
ng bahay para sa iyo.

12 Pag tapos na ang iyong mga araw at
nahimlay ka na sa piling ng iyong mga
ninuno, bibigyang-kapangyarihan ko ang
iyong supling na kasunod mo, na isisilang
mula sa iyo, at itatatag ko ang kanyang
paghahari.

13 Siya ang magtatayo ng bahay para
sa aking Pangalan at itatatag ko naman
ang trono ng kanyang kaharian magpa-
kailanman. 14 Magiging ama ako sa kanya
at magiging anak ko naman siya. Kapag
nagkasala siya, itutuwid ko siya sa pa-
malo gaya ng ginagawa ng mga tao.
15 Ngunit hindi ko babawiin ang pag-ibig
ko sa kanya tulad nang bawiin ko ito kay
Saul nang alisin ko siya sa iyong harapan.
16 Mananatili sa harap ko magpakailan-
man ang iyong sambahayan at ang iyong
kaharian, at matatatag ang iyong trono
magpasawalanghanggan."

17 Sinabi ni Natan kay David ang lahat ng
salitang ito at pangitain.

18 At pumasok si David, naupo sa harap ni
Yawe at sinabi: "Sino ako, O Panginoong Yawe,
at ano ang aking pamilya at dinala mo ako
hanggang dito? 19 Subalit napakaliit pa rin nito
sa iyong paningin, O Panginoong Yawe, kayat
nangako ka pa tungkol sa sambahayan ng iyong
lingkod. Ganito ba ang gawi ng tao, O Pangi-
noong Yawe? 20 Ano pa ang masasabi ni David
sa iyo? Kilala mo ang iyong lingkod, Panginoong
Yawe. 21 Dahil sa iyong salita at ayon sa iyong
kalooban, ginawa mo ang lahat ng dakilang
bagay na ito na ipinababatid mo sa iyong ling-
kod. 22 Dakila ka nga, O Yaweng Diyos! Wala
kang katulad, at wala nang ibang Diyos liban sa
iyo gaya ng narinig ng aming mga tainga.

23 May katulad ba sa lupa ang iyong bayang
Israel, isang bansang nilapitan ng Diyos para
tubusin bilang bayan niya? Pinatanyag mo nga
ang iyong bayan sa paggawa ng dakila at kagila-
gilalas na mga bagay alang-alang sa iyong
luwalhati, sa pagliligtas mo sa kanila mula sa
Ehipto, sa bayan at mga diyos nito. 24 Itinatag
mo at pinatatatag ang Israel bilang pinakabayan
mo magpakailanman. At ikaw, Yawe, ang na-
ging Diyos nila.

25 Ngayon, O Yaweng Diyos, tuparin mo
magpakailanman ang pangakong binitiwan mo
tungkol sa iyong lingkod at sa kanyang samba-
hayan, at gawin ang iyong sinabi. 26 Dakilain
nawa ang iyong Pangalan magpakailanman sa
pagsasabing 'Si Yawe ng mga Hukbo ang Diyos
ng Israel.' At matatatag sa harap mo ang sam-
bahayan ng iyong lingkod na si David 27 sapag-
kat ipinahayag mo na ito, O Yawe ng mga
Hukbo, Diyos ng Israel, sa iyong lingkod at
sinabi sa kanyang 'Ipagtatayo kita ng isang
bahay.' Kaya naman nagkalakas-loob ang
iyong lingkod na manalangin sa iyo nang ganito.

28 At ngayon, O Panginoong Yawe, ikaw ang
Diyos at totoo ang iyong mga salita, at binitiwan
mo ang magandang pangakong ito sa iyong
lingkod, 29 ikalugod mo nawang pagpalain ang
sambahayan ng iyong lingkod upang manatili
sa harap mo magpasawalanghanggan. Sapag-
kat ikaw, O Panginoong Yawe, ang nagsabing
pagpapalain magpakailanman sa iyong pag-
babasbas ang sambahayan ng iyong lingkod."

**Mga pakikipagdigma ni David**

8 • 1 Pagkatapos nito, nilupig ni David ang
mga Pilisteo, at inagaw sa kanila ang
kapangyarihan sa lupain. 2 Nilupig din niya ang

• **8.**1 May pagmamalaking isinasalaysay ng kabanatang ito ang mga tagumpay ni David. Ang mga digmaang iyon ang mismong dahilan ng pagkabuo ng kaharian ni David. Isa itong yugtong kinakailangan sa mahabang paghahanda sa Kaharian ng Diyos. Aalalahanin ng mga Israelita si David bilang matagumpay na haring mandirigma, habang hinihintay nila ang Mesiyas na anak ni David bilang hari ng kapayapaan na

mga Moabita. Pinahiga niya ang mga ito sa lupa
at saka sinukat ng isang tali. Tigdadalawang
haba ng tali ang pinatay at pinabayaan namang
mabuhay ang isang haba. Kaya nasakop ni
David ang mga Moabita at nagbuwis sa kanya
ang mga ito.

3 Nilupig din ni David si Hadadezer na anak ni
Rehob at hari ng Soba nang tangkain nitong
muling makapangyari sa Ilog Eufrates. 4 Nabi-
hag ni David mula sa kanya ang sanlibo't pitun-
daang mangangabayo at dalawampunlibong
kawal na lakad. Pinatid niya ang litid ng lahat ng
kabayo at nag-iwan lamang ng sapat para sa
sandaang karwahe.

5 Dumating naman ang mga Arameo ng
Damasco para tulungan si Hadadezer na hari ng
Soba ngunit naigupo ni David ang dalawampu't
dalawang libo sa mga Arameong ito. 6 At nag-
lagay si David ng mga garison sa Aram ng
Damasco at napasailalim ni David ang mga
Arameo na nagbayad naman sa kanya ng
buwis. Pinagtagumpay ni Yawe si David saan-
man siya pumunta.

7 Kinuha ni David ang mga gintong kalasag
ng mga opisyal ni Hadadezer at dinala ang mga
ito sa Jerusalem. 8 Napakarami ring tanso ang
kinuha ni Haring David sa Tebah at Berotai na
mga lunsod ni Hadadezer.

9 Nang mabalitaan ni Tou na hari ng Hamat
na nilupig ni David ang buong hukbo ni Hada-
dezer, 10 isinugo niya ang kanyang anak na si
Yoram kay Haring David upang kumustahin at
batiin sa paglaban at paglupig kay Hadadezer na
matagal nang kalaban ni Tou. Nagdala si Yoram
ng mga bagay na yari sa pilak, ginto at tanso
11 na inilaan naman ni Haring David kay Yawe,
kasama ng mga pilak at gintong inilaan niya
mula sa lahat ng bansang nasakop niya: 12 mula
sa Edom at Moab, mula sa mga Amonita, mga
Pilisteo, mga Amalecita, at ang mga nasamsam
kay Hadadezer na anak ni Rehob at hari ng Soba.

13 Natanyag si David pagbalik niya mula sa
pakikipaglaban sa Edom sa Lambak ng Asin,
labingwalong libong Edomita ang nalupig niya.
14 Naglagay siya ng mga garison sa buong Edom
at nasakop niya ang lahat ng Edomita. Pina-
pagtagumpay ni Yawe si David saanman siya
pumunta.

• 15 Naghari si David sa buong Israel, nagtad-
hana ng mga batas at naggawad ng katarungan
sa buo niyang bayan. 16 Si Yoab na anak ni
Sarvia ang pinuno ng hukbo, si Yosafat na anak
ni Ahilud ang tagapagtala, 17 at si Sadok na anak
ni Ahitub at si Ahimelek na anak ni Abiatar
naman ang mga pari, si Seraya ang sekretaryo,
18 at si Benayang anak ni Yehoiada ang taga-
pamahala sa mga Kereteo at Peleteo. Mga pari
ang mga anak ni David.

**9** 1 Nagtanong si David: "May nalalabi pa ba
sa angkan ni Saul na maaari kong pag-
magandahang-loob alang-alang kay Yonatan?"
2 May isang utusan namang nagngangalang
Ziba ang sambahayan ni Saul, at pinaharap nila
siya kay David, at sinabi sa kanya ng hari: "Ikaw
ba si Ziba?" Sumagot ito: "Ang inyong lingkod."
3 At itinanong ng hari: "Wala na bang nalalabi sa
angkan ni Saul na magagawan ko ng kagan-
dahang-loob ng Diyos?" Sinabi ni Ziba sa hari:
"May anak na lalaking lumpo si Yonatan." 4 Si-
nabi ng hari: "Nasaan siya?" At sumagot si Ziba:
"Nasa Lodebar siya, sa bahay ni Makir na anak
ni Ammiel." 5 Ipinasundo ito ni Haring David sa
Lodebar, sa bahay ni Makir na anak ni Ammiel.

6 Pagdating ni Mefibaal na anak ni Yonatan na
anak naman ni Saul, yumuko itong sayad sa
lupa ang mukha. At sinabi ni David: "Mefibaal."
Sumagot ito: "Narito ang inyong lingkod." 7 Si-
nabi naman ni David: "Huwag kang matakot.
Pagmamagandahang-loob kita alang-alang kay
Yonatan na iyong ama, at ibabalik ko sa iyo ang
buong lupain ng iyong amang si Saul. Bukod

---

siyang lulupig sa lahat ng kaaway (tingnan Isaias 9:5 at Mikeas 5:1-4).

Nang panahong iyon, napakalakas ng mga katutubong gawi ng tao kayat hindi nagdalawang-isip ang simple at maawaing si David sa pagpatay sa kanyang mga bihag. Pinupuri siya ng Biblia sa pagliligtas ng ilan sa mga ito.

Hindi pinapalitan ng pananampalataya ang kultura. At bawat isa sa atin, gaano man tayo katapat sa pananampalataya ay umaasa pa rin sa mga ideang pangmoralidad ng ating kapaligiran. Alam nating sa loob ng mga dantaon ng Kristiyanismo ay hindi naisip ng mga mananampalataya at ng mga santong handang mag-alay ng kanilang buhay para sa isang kapatid na maysakit na magsalita laban sa mga pang-aabusong para sa ati'y hindi natin matitiis.

• 15. Si Abraham man o si Moises ay walang mga sekretaryo o mga ministro: walang opisina ang mga pagala-galang ito, ni wala silang asnong may dala ng mga libro at mga rekord. Binubuo ni David ang unang panimulang grupo ng mga opisyal sa kaharian at kay Solomon lamang magsisimula ang sagradong panitikan.

*Mga pari ang mga anak ni David.* Sa panahong iyon, dalawang dantaon pagkaraan ni Moises, hindi pa reserbado para sa mga Levita ang pagkapari. Si Solomon mismo ang mag-aalay ng mga handog at siyang gagawa ng pagtatalaga ng Templo (1 H 8:64).

dito, lagi kang dudulog sa aking hapag." 8 Yu-
muko si Mefibaal at sinabi: "Sino ang inyong
lingkod para bigyang-pansin ang tulad kong
isang patay na aso?"

9 Ipinatawag ng hari si Zibang utusan ni Saul,
at sinabi sa kanya: "Ibinibigay ko sa anak ng
iyong amo ang lahat ng ari-arian ni Saul at ng
kanyang angkan. 10 Ikaw naman at ang iyong
mga anak at mga alipin ang magbubungkal ng
lupa at mag-aani para sa kanya upang magka-
roon ng kakainin ang sambahayan ng iyong
amo. Ngunit si Mefibaal na anak ng iyong amo
ay laging dudulog sa aking hapag." May labinli-
mang anak na lalaki at dalawampung utusan si
Ziba, 11 at sinabi nito sa hari: "Gagawin ng inyong
lingkod ang lahat ng iniuutos ng aking pangi-
noong hari, pero kumakain na namang parang
isang anak ng hari si Mefibaal sa aking hapag."
12 May anak na batang lalaki si Mefibaal na
nagngangalang Mika; at naging tagapaglingkod
ni Mefibaal ang lahat ng nasa bahay ni Ziba.

13 Ngunit sa Jerusalem tumira si Mefibaal
sapagkat lagi siyang kasalo sa hapag ng hari.
Pilay siya sa dalawang paa.

**10** 1 Pagkamatay ng hari ng mga Amonita, si
Hanun na kanyang anak ang humalili sa
kanya. 2 At sinabi ni David: "Pagmamagan-
dahang-loob ko si Hanun na anak ni Nahas gaya
ng pagmamagandang-loob sa akin ng kanyang
ama." Kaya isinugo ni David ang kanyang mga
lingkod para makiramay kay Hanun sa pagyao
ng ama nito. Pagdating ng mga lingkod ni David
sa lupain ng mga Amonita, 3 sinabi ng mga
pinuno ng mga Amonita kay Hanun na kanilang
panginoon: "Sa tingin ba ninyo'y pinararanga-
lan ni David ang inyong ama sa pagsusugo ng
mga taong makikiramay sa inyo? Hindi kaya
ipinadala sa inyo ni David ang kanyang mga
tauhan para magmanman at maniktik, at ibag-
sak ang lunsod?"

4 At ipinadakip ni Hanun ang mga tauhan ni
David, inahit ang kalahati ng kanilang balbas at
ginupit ang kanilang mga damit hanggang
puwitan at saka pinaalis. 5 Nang maiulat ito kay
David, nagpadala siya ng mga sasalubong sa
kanyang mga tauhan sapagkat lubha silang
napahiya. Pinasabihan sila ng hari: "Sa Jerico
muna kayo manatili hanggang tumubo ang
inyong balbas, at saka kayo bumalik."

6 Nakita ng mga Amonita na mabaho na sila
kay David kayat nagpasugo sila para umupa ng
dalawampunlibong kawal na Arameo sa Bet-
Rehob at Soba, pati na ng isanlibong tauhan ng
hari ng Maaka kasama ang labindalawang
libong taga-Tob. 7 Nang mabalitaan ito ni David,
isinugo naman niya si Yoab at ang buong hukbo
ng magigiting.

8 Humanay ang mga Amonita para sa la-
banan sa bukana ng tarangkahan ng kanilang
siyudad at pumusisyon naman sa kaparangan
ang mga Arameong taga-Soba at Rehob at ang
mga tauhan galing sa Tob at Maaka. 9 Nang
makita ni Yoab na napapagitnaan sila sa laba-
nan sa harap at sa likuran, pinili niya ang mga
piling-piling tauhan ng Israel at pinahanay ang
mga iyon para harapin ang mga taga-Aram.

10 At inilagay naman niya sa pamumuno ni
Abisai na kanyang kapatid ang nalalabi pa sa
hukbo, at pinahanay ang mga iyon para maki-
pagsagupa sa mga Amonita. 11 At sinabi niya:
"Kung mas malakas kaysa akin ang mga Ara-
meo, kailangang tulungan mo ako; at kung ang
mga Amonita ang mas malakas kaysa iyo,
tutulungan naman kita. 12 Lakasan mo ang loob!
Magpakalalaki tayo alang-alang sa ating bayan
at sa mga lunsod ng Diyos. Gawin nawa ni Yawe
ang mabuti sa palagay niya."

13 Lumusob si Yoab at ang mga taong ka-
sama niya para makipaglaban sa mga Arameo
na nagsitakas sa harap niya. 14 Nang makita ng
mga Amonita na tumatakas ang mga Arameo,
tumakas na rin sila sa harap ni Abisai at puma-
sok sa lunsod. Bumalik si Yoab mula sa pakiki-
paglaban sa mga Amonita at nagpunta sa Jeru-
salem.

15 Pagkakita ng mga Arameo na nalupig sila
ng Israel, nagtipon sila 16 at ipinatawag ni Hada-
dezer ang mga Arameong nasa kabilang ibayo
ng Ilog Eufrates. Nagpunta sila sa Helam sa
pamumuno ni Sobak na pinuno ng mga hukbo
ni Hadadezer.

17 Iniulat ito kay David at tinipon niya ang
buong hukbong Israelita, tumawid sa Yordan at
nagpunta sa Helam. Humanay ang mga Arameo
para harapin si David at nakipaglaban sila sa
kanya.

18 Ngunit tumakas ang mga Arameo sa harap
ng Israel. Pitundaang sakay ng karwahe at
apatnapung libong kawal ang pinatay ni David
sa mga Arameo. Sinaksak din niya si Sobak na
pinuno ng kanilang hukbo at doon ito namatay.

19 Nang makita ng lahat ng haring umaasa
kay Hadadezer na nalupig ng Israel ang mga ito,
nakipagkasundo sila sa Israel at napasailalim sa
kanila. At natakot ang Aram na tulungan pa ang
mga Amonita.

**David at Batseba**

**11** • 1 Sa pagpapalit ng taon, sa panahon ng pagdidigmaan ng mga hari, pinalakad ni David si Yoab kasama ang kanyang mga opisyal at ang buong hukbo ng Israel. Pinuksa nila ang mga Amonita at kinubkob ang Raba samantalang nanatili naman sa Jerusalem si David.

2 Isang hapon, pagkagising ni David sa kanyang siesta, naglalakad-lakad siya sa terasa ng palasyo nang mula roo'y nakita niya ang isang babaeng naliligo – napakaganda ng babae! 3 Ipinapagtanong ni David kung sino ang babae at napagalaman niyang siya si Batseba na anak ni Eliam at asawa ni Urias na Heteo. 4 Nagpadala ng mga sugo si David para kunin siya. Pumunta nga sa kanya ang babae at nakipagtalik siya rito matapos makapaglinis ang babae mula sa kanyang regla. At umuwi na ang babae sa kanyang tahanan, 5 pero naglihi ito kayat ipinasabi niya kay David: "Buntis ako." 6 Ipinahatid naman ni David kay Yoab: "Ipadala mo sa akin si Urias na Heteo." At ipinadala nga ni Yoab si Urias kay David.

7 Pagdating ni Urias kay David, kinumusta niya rito si Yoab at ang mga tao at ang lagay ng digmaan. 8 At sinabi ni David kay Urias: "Umuwi ka na sa iyong bahay at maghugas ng paa."

Nilisan ni Urias ang palasyo at ipinasunod sa kanya ng hari ang pagkain mula sa kanyang hapag. 9 Ngunit hindi umuwi si Urias, kundi natulog sa may pintuan ng palasyo kasama ang lahat ng lingkod ng kanyang panginoon. 10 Sinabi nila kay David na hindi umuwi si Urias, at sinabi niya rito: "Hindi ba't galing ka sa paglalakbay? Ba't di ka umuwi?" 11 Sumagot si Urias: "Nakatira sa mga tolda ang Kaban at ang Israel at Juda, at ang aking panginoong si Yoab at ang kanyang mga tauhan ay nagkakampo naman sa labas. Makauuwi ba ako sa aking tahanan para kumain at uminom at sumiping sa aking asawa? Hinding-hindi ko ito magagawa!" 12 At sinabi ni David kay Urias: "Dumito ka muna ngayon at bukas na kita palalakarin."

Kaya nanatili sa Jerusalem si Urias nang araw na iyon at nang sumunod pa. 13 Inanyayahan ni David si Urias na kumain at uminom na kasalo niya hanggang ito'y malasing. Ngunit kinagabihan, lumabas si Urias at natulog kasama ng mga lingkod ng kanyang panginoon sa halip na umuwi.

14 Kinaumagahan, sinulatan ni David si Yoab at ipinadala ito kay Urias; 15 isinulat niya: "Ilagay mo si Urias sa harap, kung saan pinakamahigpit ang labanan, at iwan mo siya para tamaan at mapatay." 16 Nang kinubkob na ni Yoab ang lunsod, inilagay niya si Urias sa dakong alam niyang matatapang ang mga kalaban. 17 Sumugod ang mga nasa siyudad at nila-

---

• **11.**1 Inihahatid tayo ng "kasalanan" ni David sa pagninilay sa kahinaan at kasamaang kayang gawin ng mga kaibigan mismo ng Diyos.

Mapapansin natin ang mga kapintasan ni David sa iba't ibang pagkakataon: mapusok siya at mapanlinlang. Pero ang lahat dito (kabanata 11) ay nagbibigaydaan para maging mas kasuklam-suklam ang kanyang krimen:

– Isang dayuhan si Urias na dumating para maglingkod sa hari.

– Mahigpit na sinusunod ni Urias ang mga panrelihiyong batas tungkol sa digmaan (umiiwas siya sa pakikipagsex) at ang pakikisama niya sa kanyang mga kasamahan, samantalang nagpapadala naman si David sa kanyang pagnanasa, siya na malayo sa lahat ng panganib.

– Pataksil na pinapatay ni David si Urias matapos niya itong sabihang dalhin kay Yoab ang sulat.

Bakit pinangangahasan ng isang librong naglalayong itala ang alaala ng huwarang hari na deretsahang isalaysay ang pangyayaring ito. Wala itong pinagtatakpang anuman pagdating sa kung paano naging mas kasuklam-suklam ang krimen ni David at kaawaawa naman ang kanyang biktima. Hinding-hindi ito magagawa ng manunulat ng kasaysayan ng ibang bayan.

Subalit hindi isinulat ang Biblia para luwalhatiin ang hari o ang mga tao. Ito'y "pagbubunyag ng Diyos" sa pinakamalinaw na kahulugan ng kataga. Sa pagninilay sa Salita ng Diyos, natututunan ng isang tao na makilala ang Diyos pati na rin ang kanyang sarili sa liwanag ng Diyos: lahat tayo'y makasalanang nangangailangan ng Tagapagligtas na ipinadadala sa atin ng Diyos.

banan si Yoab. Ilan sa mga opisyal at mga tauhan ni David ang nabuwal. Namatay rin si Urias na Heteo.

18 Ipinahatid ni Yoab kay David ang lahat ng
pangyayari sa digmaan. 19 At inutusan niya ang
sugo: "Pagkatapos mong maisalaysay sa hari
ang lahat ng nangyari sa digmaan, 20 maaaring
sumilakbo ang kanyang galit at itanong sa iyo, 'Bakit kayo lumapit sa lunsod para lumaban? Hindi ba ninyo alam na papanain kayo mula sa
pader? 21 Sino ang pumatay kay Abimelek na
anak ni Yerubaal? Hindi ba't isang babae ang naghulog ng isang gilingang bato sa kanya mula sa pader kayat sa Tebes siya namatay? Ba't kayo lumapit sa pader?' Kaya sasabihin mo sa kanyang 'Patay na rin ang inyong lingkod na si Urias na Heteo'."

22 Lumakad na ang sugo at pagdating niya'y sinabi kay David ang lahat ng ipinagbilin sa kanya ni Yoab.

23 At sinabi ng sugo kay David ang lahat ng pahatid ni Yoab, ipinaliwanag: "Nadaig kami ng kalaban at sinugod kami sa labas ngunit napaurong namin sila hanggang sa pintuan ng siyu-
dad. 24 Ngunit pinuntirya ng mga manunudla
ang inyong mga lingkod mula sa taas ng pader at napatay ang ilan sa mga tauhan ng hari. Namatay rin ang inyong lingkod na si Urias na Heteo."

25 Sinabi ni David sa sugo: "Sabihin mo ito kay Yoab para palakasin ang kanyang loob: Huwag mong masamain ang bagay na ito. Dahil nilalamon ngayon ng tabak ang isa at ang iba naman sa susunod. Pag-ibayuhin mo ang iyong pagsalakay sa siyudad at wasakin iyon."

26 Nang mabalitaan ng maybahay ni Urias na namatay ang kanyang asawa,
ipinagluksa niya ito. 27 Pagkapagbabang-
luksa nito, ipinadala siya ni David sa kanyang bahay at naging asawa, at nagkaanak ng isang lalaki. Ngunit masama sa paningin ni Yawe ang ginawa ni David.

**Pinagsabihan ni Natan si David**

**12** • 1 Isinugo ni Yawe kay David ang propetang si Natan. Pinuntahan ni Natan ang hari at sinabi: "May dalawang lalaki sa isang lunsod: mayaman ang isa
at dukha naman ang isa. 2 Napakaraming
tupa at baka meron ang mayaman 3 pero
walang-wala ang dukha liban sa isang maliit na babaeng tupa na kanyang binili. Inalagaan niya ito at lumaki itong kasama niya at ng kanyang mga anak. Kasalo niya ito sa pagkain, at sa mismong kopa niya ito umiinom at sa kanyang kandungan natutulog. Para na niya itong anak
na babae. 4 Samantala, may manlalakbay
na dumating ngunit ayaw ng mayaman na kumuha sa kanyang tupahan at bakahan para ihanda sa manlalakbay. Sa halip ay kinuha niya ang babaeng tupa ng dukhang lalaki at ito ang inihanda para sa kanyang bisita."

5 Nag-apoy ang galit ni David sa lalaki at sinabi kay Natan: "Buhay si Yawe! Mamatay na sana ang lalaking gumawa nito.
6 Dapat niyang bayaran nang makapat na ibayo ang babaeng tupa dahil sa kanyang ginawa at kawalan ng awa."

---

• **12.1** Si David ang magiging modelo ng nagsisising makasalanan.

*Bakit mo binale-wala si Yawe?* Ano ang ginawa ni David para piliin siya ng Diyos? Ang lahat sa buhay niya ay gawa ng pag-ibig ni Yawe. Pumili ang Diyos ng isang simpleng pastol para gawing hari. At sa maliit na bansa pa niya pinili ang "haring" ito para ilagay sa kanyang mga kamay ang walang-hanggang Kaharian. Walang maidadahilan si David.

*Ginawa mo ang ayaw ko.* Madaling nalilimutan ni David na ayaw ni Yawe ng mga panlabas na seremonya kundi ang kadalisayan ng puso at ang katarungan sa kapwa.

*Pinatay mo si Urias... at inangkin ang kanyang asawa.* Inilalabas ng Diyos sa liwanag ang pinagtatakpan ni David sa lahat at sa sarili niyang konsiyensya.

Ang saloobin ni David: inaamin niya ang kanyang kasalanan nang may kababaang-loob at tinatanggap ang mga bunga ng kanyang pagkakasala. Sa Biblia, sinasabing siya ang may gawa ng Salmo 51 na madamdaming panalangin ng makasalanang nagsisisi.

Ang saloobin naman ng Diyos:

– *Pinatawad na ni Yawe ang iyong kasalanan.* Nananatiling matapat ang Diyos at tuloy pa rin ang kanyang mga pangako sa mga inapo ni David. Higit pa rito'y si Solomong anak ni David kay Batseba ang siyang makikinabang sa mga nabanggit na pangako: padadaanin ng Diyos ang kanyang grasya sa dinaanan mismo ng kasalanan.

– *Sa sarili mong sambahaya'y lilitaw ang kapahamakan.* Sa pagpapatawad ng Diyos, hindi niya binubura ang mga bunga ng krimen.

7 Sinabi ni Natan kay David: "Ikaw ang
lalaki. Ito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng
Israel: Pinahiran kitang hari ng Israel at
iniligtas kita sa kamay ni Saul. 8 Ibinigay
ko sa iyo ang bahay ng iyong panginoon
at ang kanyang mga asawa sa iyong kan-
dungan. Ibinigay ko rin sa iyo ang samba-
hayan ng Israel at Juda. At kung napaka-
kaunti pa rin nito, bibigyan kita ng higit
pa. 9 Bakit mo binale-wala si Yawe sa pag-
gawa ng masama sa kanyang paningin?
Pinatay mo sa tabak si Urias na Heteo at
inangkin ang kanyang asawa. Oo, pinatay
mo siya sa tabak ng mga Amonita.
10 Kaya hinding-hindi na hihiwalay nga-
yon ang tabak sa iyong sambahayan sa-
pagkat binale-wala mo ako at inangkin
ang asawa ni Urias na Heteo.

11 Ito ang sinasabi ni Yawe: Mula sa
sarili mong sambahaya'y lilitaw ang ka-
pahamakan. Sa harap mo mismo'y kuku-
nin ko ang iyong mga asawa at ibibigay sa
iyong kapwa na makikipagtalik sa kanila
sa liwanag ng araw. 12 Lihim mo itong
ginawa, ngunit gagawin ko ang bagay na
ito sa liwanag ng araw sa harap ng buong
Israel."

13 Sinabi ni David kay Natan: "Nagka-
sala ako kay Yawe." Sinabi naman ni
Natan kay David: "Pinatawad na ni Yawe
ang iyong kasalanan; hindi ka mamamatay.
14 Ngunit dahil binale-wala mo si Yawe
sa ginawa mong ito, mamamatay ang
batang isisilang sa iyo." At umuwi na si
Natan.

• 15 Pinapagkasakit ni Yawe ang batang
isinilang kay David ng asawa ni Urias, at
nanghina ito.

16 Nanikluhod si David sa Diyos alang-
alang sa bata, nag-ayuno siya at puma-
sok sa kanyang bahay at sa lupa nahihiga
sa buong magdamag. 17 Iginiit ng mga
matatanda ng kanyang sambahayan na
tumindig siya mula sa lupa pero tumanggi
siya. At hindi rin siya nakisalo sa kanila.

18 Sa ikapitong araw, namatay ang bata.
Natakot ang mga lingkod ni David na
sabihin sa kanyang patay na ang bata
pagkat napag-usapan nilang "Nang buhay
pa ang bata, sinabihan natin siya pero
ayaw niyang makinig. Paano natin ngayon
sasabihin sa kanyang patay na ang bata?
Baka gumawa siya ng kung anong ma-
sama."

19 Nang mapansin ni David na nagbu-
bulungan ang kanyang mga lingkod, nau-
nawaan niyang patay na ang bata at tina-
nong niya ang mga ito: "Patay na ba ang
bata?" Sumagot sila: "Patay na siya."

20 Tumayo si David mula sa lupa, naligo
at nagpahid ng langis at nagpalit ng da-
mit, at saka pumasok sa Bahay ni Yawe at
sumamba.

Pagbalik niya sa kanyang bahay, nag-
pahain siya at kumain. 21 Tinanong siya
ng kanyang mga lingkod: "Ano itong
ginagawa ninyo? Nag-ayuno kayo at
umiyak nang buhay pa ang bata ngunit
ngayong patay na siya, tumindig kayo at
kumain."

22 At sumagot siya: "Nang buhay pa
ang bata, nag-ayuno ako at umiyak dahil
naisip kong 'Sino ang nakaaalam? Baka
maawa sa akin si Yawe at mabuhay ang
bata.' 23 Ngunit ngayong patay na siya,
bakit pa ako mag-aayuno? Maibabalik ko
pa ba siya? Ako ang pupunta sa kanya
pero hindi na siya babalik sa akin."

24 Inaliw ni David si Batseba na kan-
yang asawa. Nakipagtalik siya rito at
nagkaanak si Batseba ng isang lalaki na
pinangalanan nitong Solomon. Minahal
ito ni Yawe 25 at ipinasabi niya sa prope-

---

• 15. Nagkasakit at namatay ang batang bunga ng pagmamahalan nina David at Batseba. Nauunawaan ng hari na isa pa itong tanda para maintindihan niya ang bigat ng kanyang kasalanan. Pero hindi mapaghiganti o nagtatanim ng sama ng loob ang Diyos. Hindi katulad ng ating puso ang kanyang puso. "Hindi siya madaling magalit at walang makadadaig sa kanya sa kabutihang-loob."

May iba pang bata na ipinanganak ng babaeng ito na asawa na niya ngayon, ang magiging Haring Solomon

tang si Natan na Yedidia ang pangalang
itawag sa bata, na ibig sabihi'y "Mahal ni
Yawe".

26 Nakipaglaban naman si Yoab sa Raba ng
mga Amonita at nabihag ang siyudad ng hari.
27 Nagpadala siya ng mga sugo kay David at
sinabi: "Nakipaglaban ako sa Raba at nasakop
ko na rin ang lunsod ng tubig. 28 Tipunin ninyo
ngayon ang nalalabi pang mga tauhan para
kubkubin ang siyudad at sakupin ito, kung
hindi'y aangkinin ko ito at tatawagin sa aking
pangalan." 29 Tinipon ni David ang buong hukbo
at nagpunta sa Raba, sinalakay niya iyon at
sinakop. 30 Kinuha niya sa diyos na Milcom ang
korona nitong simbigat ng tatlumpung kilong
ginto at may mamahaling mga hiyas na ipina-
lamuti sa ulo ni David. At marami siyang nasam-
sam sa siyudad.

31 Pinalabas niya ang mga taong naroon at
pinapagtrabahong may lagari, piko at palakol,
at sa paggawa ng tisa. Ganito ang ginawa ni
David sa lahat ng siyudad ng mga Amonita. At
bumalik na si David at ang buong hukbo sa
Jerusalem.

**Amnon at Tamar**

**13** • 1 May magandang kapatid na babae
si Absalom na anak na lalaki ni David.
Tamar ang pangalan nito. At nagustuhan
naman siya ni Amnon na anak din ni David.
2 Labis ang pagkabaliw sa kanya ni Amnon
hanggang magkasakit siya dahil kay Tamar na
kanyang kapatid sapagkat dalaga ito, at parang
wala siyang anumang magagawa kay Tamar.

3 May kaibigan si Amnon na nagngangalang
Yonadab na anak naman ni Simea na kapatid ni
David. Napakatuso ni Yonadab, 4 at sinabi niya:
"O, ba't uma-umaga na lang e mukhang ka-
wawa ang anak ng hari? Hindi mo ba maipag-
tatapat sa akin?" Sumagot si Amnon: "Mahal ko
si Tamar na kapatid ni Absalom na kapatid ko."
5 Kayat sinabi ni Yonadab sa kanya: "Mahiga ka
at magkunwaring maysakit. At pag dinalaw ka
ng iyong ama, sabihin mo sa kanyang: Pada-
lawin naman ninyo sa akin ang kapatid kong si
Tamar para pakanin ako, at ihanda ang pagkain
sa harap ko nang makita ko siya at pakanin niya
ako."

6 Nahiga nga si Amnon at nagkunwaring may
sakit, at nang dumating ang hari para dalawin
siya, sinabi niya: "Padalawin naman ninyo ang
aking kapatid na si Tamar para magluto ng
espesyal na mamon sa harap ko, at pakanin
ako." 7 At ipinasabi ni David kay Tamar sa
palasyo: "Puntahan mo ang kapatid mong si
Amnon sa bahay niya, at ipagluto siya ng maka-
kain." 8 Nagpunta nga si Tamar sa bahay ni
Amnong kapatid niya na nakahiga noon. Ku-
muha siya ng harina, minasa ito at ginawang
tinapay sa harap niya at saka hinurno. 9 At
pagkatapos, kinuha niya ang sarten at inihain
ang tinapay kay Amnon. Ngunit tumanggi itong
kumain at sinabi: "Palabasin ang lahat ng na-
rito."

Nang makalabas na ang lahat, 10 sinabi ni
Amnon kay Tamar: "Ipasok mo ang pagkain sa
kuwarto at pakanin ako." Dinala naman ni Ta-
mar sa kuwarto ni Amnong kapatid niya ang
tinapay na kanyang niluto. 11 Ngunit nang ilapit
niya iyon sa kanyang kapatid para kumain,
sinunggaban siya ni Amnon at sinabing "Halika,
kapatid ko, sumiping ka sa akin." 12 Sumagot si
Tamar: "Huwag, Kuya, huwag mo akong puwer-
sahin. Hindi ito ginagawa sa Israel. Huwag mong
gawin ang kahangalang ito. 13 Paano ko pag-
tatakpan ang aking kahihiyan? Matutulad ka sa
mga baliw sa bayan. Kaya utang na loob, kau-
sapin mo ang hari at alam kong hindi niya ako
ipagkakait sa iyo." 14 Ngunit ayaw makinig ni
Amnon kay Tamar, at dahil mas malakas siya
kaysa rito, ginahasa niya ito.

15 At pagkatapos, lubha siyang kinamuhian
ni Amnon, pagkamuhing matindi pa kaysa pag-
ibig na nadama nito para sa kanya. At sinabi ni
Amnon: "Bumangon ka't lumayas!" 16 Ngunit
sumagot si Tamar: "Hindi! Sapagkat mas ma-
sama ang pagtataboy mong ito sa akin kaysa
unang ginawa mo." Ngunit ayaw niyang ma-
kinig sa kanya. 17 Tinawag niya ang kanyang
personal na utusan at sinabing "Palayasin mo

---

na siyang pinili ng Diyos para humalili kay David. Mabigat man ang kanyang kasalanan, hindi pa rin pinabayaan ng Diyos si David.

• **13.**1 Parang pag-uulit ng kasalanan ni David sa sarili niyang angkan ang krimen ni Amnon at ang kanyang asasinasyon – bagay na lubhang nakasugat sa kanyang damdamin.

Pangkaraniwan lamang ang ganitong mga pangyayari kahit saan sa mga unang panahon. Pagsamba at pag-aalay ng mga handog ang itinatakda ng ibang mga relihiyon nang panahong iyon; babahagya lamang silang nangungusap, kung hindi man talagang walang sinasabi tungkol sa pagkamatuwid sa moralidad. Ngunit mula sa simula ng Biblia, matuwid na pag-uugali at katarungan ang hinihingi ng Diyos sa mga tao. Ang mga tao ng Biblia ay hindi laging mas magaling sa mga nasa ibang bayang di nakakakilala sa Diyos, pero mas alam nila kung ano ang kasalanan.

ang babaeng ito at ikandado ang pinto pagkala-
bas niya." 18 Kaya pinalabas siya ng utusan at
ikinandado ang pinto. Suot ni Tamar ang ma-
habang damit na may manggas na karaniwang
suot ng mga anak na dalaga ng hari. 19 At
winarak ni Tamar ang mahabang damit na suot
niya at nilagyan ng abo ang kanyang ulo. Ipi-
natong niya ang kanyang kamay sa kanyang
ulo, at umalis na humahagulgol.

20 Sinabi sa kanya ni Absalom: "Tumahimik
ka, kapatid, huwag mo itong dibdibin sapagkat
kapatid mo siya." Nanatiling malungkot si
Tamar sa bahay ni Absalom na kanyang ka-
patid.

21 Galit na galit si Haring David nang mala-
man niya ang lahat ng ito, pero hindi niya
kinagalitan ang kanyang anak na si Amnon
sapagkat mahal niya ito bilang kanyang panga-
nay. 22 Wala ni isa mang salitang binitiwan si
Absalom kay Amnon, masama man o mabuti.
Kinamuhian niya si Amnon sa pagkakagahasa
nito kay Tamar na kanyang kapatid.

23 Makalipas ang dalawang taon, nang ipi-
nagdiriwang ni Absalom ang paggugupit sa
kanyang mga tupa sa Baal-hazor na malapit sa
Efraim, inanyayahan niya ang lahat ng anak na
lalaki ng hari. 24 At pinuntahan din niya ang hari
at sinabing "May mga manggugupit ngayon ang
inyong lingkod kayat paunlakan sana ng hari at
ng kanyang mga opisyal ang aking paanyaya."
25 Sinabi naman ng hari kay Absalom: "Hindi na,
anak, hindi na kailangang pumunta pa kaming
lahat, at mabibigatan ka lamang." Pinilit pa rin
siya ni Absalom ngunit ayaw niyang pumunta at
binasbasan na lamang niya ito. 26 Sinabi ni
Absalom: "Kung hindi kayo pupunta, pasama-
hin na lang ninyo sa amin ang kapatid kong si
Amnon." Sumagot ang hari: "Ba't kailangan
niyang sumama sa iyo?" 27 Ngunit nagpilit si
Absalom hanggang pasamahin sa kanya si
Amnon at ang lahat ng anak na lalaki ng hari.

Malaking salu-salo ang inihanda ni Absalom,
angkop sa isang hari. 28 Inutusan niya sa kan-
yang mga tauhan: "Bantayan ninyo kapag
masaya na si Amnon sa alak at pag sinabi kong
tagain ninyo si Amnon, patayin na ninyo siya.
Huwag kayong matakot sapagkat ako ang nag-
uutos. Lakasan ninyo ang loob at magpaka-
tapang!" 29 Ginawa nga ng mga tauhan ni Absa-
lom kay Amnon ang kanyang iniutos. At mabilis
na tumindig ang lahat ng anak ng hari, nagsi-
sakay sa kanilang mga asno at nagsitakas.

30 Nasa daan pa sila nang umabot kay David
ang balitang pinatay ni Absalom ang lahat ng
anak na lalaki ng hari, at walang naiwang buhay.

31 Tumindig ang hari, winarak ang kanyang
damit at nahiga sa lupa. Tumayo naman sa tabi
niya ang lahat niyang lingkod na warak din ang
damit. 32 Ngunit sinabi ni Yonadab na anak ni
Simeang kapatid ni David: "Di dapat isipin ng
aking panginoon na pinatay nilang lahat ang
mga anak na lalaki ng hari. Si Amnon lamang
ang patay sapagkat ito ang ipinasya ni Absalom
mula nang gahasain ni Amnon si Tamar na
kanyang kapatid. 33 Kayat huwag dibdibin ng
aking panginoong hari ang balitang patay nang
lahat ang mga anak na lalaki ng hari dahil si
Amnon lamang ang patay." 34 Samantala, tuma-
kas naman si Absalom.

At may natanaw na maraming taong nasa
daang papuntang Horonaim na palusong mula
sa libis ng bundok ang kabataang tanod. Agad
siyang pumunta sa hari at sinabi ito sa kanya.
35 Sinabi naman ni Yonadab sa hari: "Tingnan
ninyo, di ba't totoo ang sinabi ko sa inyo? Narito
na ang inyong mga anak na lalaki." 36 Pagkasabi
niya nito, nagsidating na umiiyak nang malakas
ang mga anak ng hari, at lubhang nagsitangis
pati ang hari at lahat niyang lingkod.

37-38 Samantala, tumakas naman si Absalom
at nagpunta kay Talmai na anak ni Ammihur at
hari ng Gesur, at tatlong taon siyang nanatili
roon. Ipinagluksa ni Haring David ang kanyang
anak sa buong panahong ito. 39 At nang lumipas
na ang kanyang pamimighati sa kamatayan ni
Ammon, naglubag naman ang galit niya kay
Absalom.

**14** 1 Alam ni Yoab na anak ni Sarvia na iniisip
ng hari si Absalom. 2 Kaya nagpadala
siya ng sugo sa Tekoa upang sunduin doon ang
isang matalinong babae at sinabi niyang "Mag-
kunwari kang nagluluksa. Magsuot ka ng pan-
luksa at huwag magpahid ng langis para mag-
mukha kang babaeng matagal nang nagluluksa
sa yumao. 3 At magpunta ka sa hari at ganito ang
sabihin." At itinuro ni Yoab sa babae ang sasa-
bihin.

4 Pagharap sa hari ng babaeng taga-Tekoa,
yumuko siyang sayad sa lupa ang mukha bilang
pagpupugay at sinabi: "Tulungan ninyo ako,
mahal na Hari!" 5 Tinanong siya ng hari: "Ano
ang nangyari?" Sumagot siya: "Biyuda na nga
ako at patay na ang aking asawa. 6 May dala-
wang anak na lalaki ang inyong lingkod. Nag-
away silang dalawa sa bukid at walang umawat
sa kanila, binugbog ng isa ang ikalawa at na-
patay. 7 At ngayo'y laban sa inyong lingkod ang
buong angkan at sinasabing: Isuko mo ang
pumatay sa kanyang kapatid at papatayin din
namin siya bilang paghihiganti sa pagpatay niya

sa kanyang kapatid. Kung magkakagayo'y
mawawala ang tagapagmana at papatayin nila
ang ningas ng bagang natitira sa akin, at walang
maiiwan sa aking asawa, pangalan man o lahi,
sa balat ng lupa."

8 Sinabi ng hari sa babae: "Umuwi ka na at
magpapalabas ako ng utos para sa iyo." 9 Ngunit
sinabi ng babaeng taga-Tekoa sa hari: "Sa akin
at sa sambahayan ng aking ama ninyo ibagsak
ang sisi, aking panginoong hari, at walang dapat
panagutan ang hari at ang kanyang trono."
10 Sinabi ng hari: "Iharap mo sa akin ang sinu-
mang magsasabi sa iyo ng anuman, at hindi ka
na niya gagambalain pa." 11 At sinabi ng babae:
"Kung gayo'y isumpa sana ng hari sa ngalan ni
Yaweng inyong Diyos na hindi na daragdagan
pa ng tagapaghiganti ng dugo ang kasamaang-
palad kong ito sa pagpatay sa aking anak."
Sumagot ang hari: "Isinusumpa ko sa ngalan ni
Yawe, hindi malalaglag sa lupa isa mang hibla
ng buhok ng iyong anak!"

12 At sinabi ng babae: "Pahintulutan ninyong
magsalita pa ang inyong lingkod sa aking pa-
nginoong hari." Sinabi sa kanya ng hari: "Mag-
salita ka." 13 Nagpatuloy ang babae: "Bakit kayo
nagbabalak ng ganito laban sa bayan ng Diyos?
Nang ipasya ito ng hari, hinatulan na rin ng hari
ang kanyang sarili pagkat hindi niya ibinalik
ang kanyang ipinatapon. 14 Mamamatay tayong
lahat at tulad ng tubig na tumapon sa lupa at
hindi na matitipon pa, kayat hindi rin pina-
babalik ng Diyos ang kaluluwa. Gumawa sana
ng paraan ang hari para pabalikin ang kanyang
anak na ipinatapon. 15 At ngayon, kung naparito
ako para sabihin ito sa aking panginoong hari,
ito'y dahil tinakot ako ng bayan kayat naisip
kong kakausapin ko ang hari. At baka sakaling
gawin niya ang hinihiling ng kanyang lingkod.
16 Sapagkat kung sumang-ayon ang haring sa-
gipin ang kanyang lingkod sa mga kamay ng
taong nagtatangkang mag-alis sa akin at sa
aking anak sa pamanang kaloob sa amin ng
Diyos, 17 maghatid nawa ng kapanatagan ang
pasya ng panginoon kong hari. Sapagkat gaya
ng anghel ng Diyos ang aking panginoong hari
sa pag-unawa ng mabuti at masama. Sumainyo
nawa si Yaweng inyong Diyos."

18 At sinabi ng hari sa babae: "Huwag mong
ilihim sa akin ang bagay na itatanong ko sa iyo."
Sumagot ang babae: "Magsalita ang aking
panginoong hari." 19 Itinanong ng hari: "May
kinalaman ba si Yoab sa lahat ng ito?" Sumagot
ang babae: "Buhay ang aking panginoong hari,
at walang makalilihis sa kanan o sa kaliwa mula
sa lahat ng sinabi ninyo. Ang inyong lingkod
ngang si Yoab ang nag-utos sa akin at nagturo
ng lahat ng sasabihin ng inyong lingkod. 20 Gi-
nawa ito ni Yoab para ikubli ang tunay na
pangyayari. Ngunit kasintalino ng anghel ng
Diyos ang aking panginoon, at alam niyang
lahat ang nangyayari sa lupain."

21 At sinabi ng hari kay Yoab: "Sige, gagawin
ko ang sinabi mo. Humayo ka at ibalik ang
binatang si Absalom." 22 Nagpatirapa si Yoab sa
lupa bilang pagpupugay, pinagpala ang hari at
sinabing "Nalaman ko ngayon ang inyong
kagandahang-loob sa akin, panginoon kong
hari, sapagkat pinagbigyan ninyo ang aking
kahilingan." 23 At nagpunta si Yoab sa Gesur at
ibinalik si Absalom sa Jerusalem. 24 Sinabi na-
man ng hari: "Pauwiin siya sa kanyang bahay,
hindi siya dapat humarap sa akin." Kayat umuwi
si Absalom sa sariling bahay at hindi nakaharap
ang hari.

25 Walang kasingguwapo si Absalom sa bu-
ong Israel at labis siyang hinahangaan, walang
kapintasan mula ulo hanggang paa. 26 Ginugupit
niya taun-taon ang kanyang buhok kapag na-
giging mabigat na ito para sa kanya. At kapag
ginugupit niya ang kanyang buhok, tinitimbang
niya iyon at umaabot ito ng mga dalawang kilo.
27 Nagkaroon si Absalom ng tatlong anak na
lalaki at isang anak na babae na nagngangalang
Tamar na isang napakagandang dalaga.

28 Dalawang taon si Absalom sa Jerusalem
ngunit hindi siya pinakiharapan ng hari. 29 Ipina-
tawag ni Absalom si Yoab upang iharap siya sa
hari ngunit ayaw nitong magpakita sa kanya.
Muli pa niya itong ipinatawag pero ayaw niyang
pumunta. 30 Kaya sinabi ni Absalom sa kanyang
mga tauhan: "Tingnan ninyo, katabi ng sa akin
ang bukid ni Yoab na may tanim na sebada.
Sige, sunugin ninyo iyon." Sinunog ng mga
tauhan ni Absalom ang bukid. Dumating na-
mang malungkot ang mga tauhan ni Yoab para
sabihin sa kanilang amo na sinunog ng mga
tauhan ni Absalom ang kanyang bukid.

31 Pinuntahan ni Yoab si Absalom sa bahay
nito at tinanong: "Bakit sinunog ng iyong mga
tauhan ang aking bukid?" 32 Sumagot si Absa-
lom: "Ipinatawag kita para ipasabi sa haring
'Ba't pa ako bumalik mula sa Gesur? Mabuti pa
sanang nanatili na lamang ako roon.' Gusto ko
ngayong makita ang hari. At kung may kasa-
lanan ako, e di patayin niya ako!"

33 Pinuntahan ni Yoab ang hari at sinabi ito sa
kanya. Kaya ipinatawag ng hari si Absalom.
Dumating si Absalom at yumukong sayad sa
lupa ang mukha sa harap ng hari. At hinagkan
naman ng hari si Absalom.

**15** 1 Pagkatapos nito, kumuha si Absalom ng karwahe at mga kabayo, at limampung tauhang patakbong mangunguna sa kanya. 2 Nakaugalian na ni Absalom ang bumangon nang maaga at tumayo sa tabi ng daang patungo sa pinto ng lunsod. Tuwing may daraan na maghaharap ng usapin sa hukuman ng hari, tinatanong ito ni Absalom: "Tagasaan kang lunsod?" Kung sabihin nitong "Mula sa isang tribu ng Israel ang inyong lingkod," 3 sasabihin ni Absalom, "Tingnan mo, mabuti at makatarungan ang ipinaghahabol mo pero walang didinig sa iyo mula sa hari."

4 Sasabihin pa ni Absalom: "Kung naging hukom nga lamang sana ako sa lupaing ito! Tiyak na makalalapit sa akin ang sinumang may karaingan o usapin at igagawad ko sa kanya ang katarungan." 5 Tuwing may lalapit sa kanya para yumuko sa harap niya, iuunat niya ang kanyang mga kamay para pahawakan iyon at pahalikan.

6 Ganito ang ginawa ni Absalom sa lahat ng Israelitang lumalapit sa hukuman ng hari, at napalapit siya sa puso ng mga taga-Israel.

7 Makaraan ang apat na taon, sinabi ni Absalom sa hari: "Pahintulutan ninyo akong pumunta sa Hebron para matupad ko ang aking panata kay Yawe. 8 Sapagkat nang nasa Gesur ng Aram pa ako, ipinanata ng inyong lingkod na kung ibabalik ako ni Yawe sa Jerusalem, sasamba ako kay Yawe sa Hebron." 9 Sinabi sa kanya ng hari: "Humayo kang mapayapa," at nagpunta nga siya sa Hebron.

**Nagrebelde si Absalom sa kanyang ama**

• 10 Ngunit lihim na nagpadala si Absalom ng mga sugo sa lahat ng tribu ng Israel na may ganitong mensahe: "Pag narinig ninyo ang tunog ng trumpeta, isigaw ninyong 'Si Absalom ang hari sa Hebron!'."

11 Umalis si Absalom sa Jerusalem kasama ang dalawandaang lalaking inanyayahan niya. Ngunit wala silang kamalay-malay sa kanyang pakana. 12 Habang nag-aalay ng handog si Absalom, ipinatawag niya mula sa lunsod ng Gilo si Ahitofel na Gilonitang tagapayo ni David. Lumakas nga ang pakikipagsabwatan at dumami nang dumami ang mga kabig ni Absalom.

13 Isang sugo ang dumating kay David at nagsabing nasa panig na ni Absalom ang mga Israelita. 14 Sinabi ni David sa lahat ng opisyal na kasama niya sa Jerusalem: "Tayo na, tatakas tayo sapagkat wala tayong ligtas kay Absalom. Dali! kung hindi'y maaabutan niya tayo kaagad at maghahatid sa atin ng kapahamakan at ilalagay sa tabak ang lunsod." 15 Sumagot ang kanyang mga opisyal: "Kasama ninyo ang inyong mga lingkod sa anumang pasya ng panginoong hari."

16 Lumakad ang hari at ang buo niyang sambahayan ngunit iniwan ang sampung asawang-alipin para mangalaga sa palasyo. 17 Umalis nga ang hari kasama ang buong bayan. Tumigil sila sa may pinakahuling bahay sa lunsod 18 at dumaan sa tabi niya ang lahat niyang tauhan kasama ang

---

• **15.**10 Gusto ng Diyos na magkaroon ang mga Israelita sa mga dantaon bago dumating si Kristo ng paglalarawan sa kanya sa katauhan ni David na unang hari nila. Ang maliligaya't maluwalhating araw ng batang pinuno na mahal ng lahat ay nasundan ng malulungkot na araw ng matandang hari. Sa mga taong iyon marahil mas malinaw na nakikita ang pagkakahawig ni Haring David kay Kristo.

*Hindi na hihiwalay ang tabak sa iyong sambahayan.* Inihayag ni Natan ang bungang ito ng kanyang pakikiapid. Ngunit tanging ang mapagkumbabang katapatan lamang ni David ang lumilitaw sa pagsubok. At tinatanggap niya nang walang anumang reklamo ang kalooban ni Yawe.

Nagugulat tayo kung paano nasikmura ni David ang pagmumura ni Semei. Gaano pa kaya sa mga tao nang panahong iyon na walang nauunawaan kundi paghihiganti. Alam ni David na hindi siya kailanman pababayaan ng Diyos. Ang kasalukuyan niyang kasawiampalad ay parang isang paanyaya ni Yawe na magtiwala pa nang higit. Ayaw niyang magtanggol sa sarili o maghiganti para maakit niya ang awa ni Yawe.

Sa mga kabanata 15-17, ang nangyari kay David ay pinakapagpapauna, ang larawan ng Mesiyas sa kanyang pagpapakasakit at muling pagkabuhay hanggang sa mga detalye mismo:

15:12, isang traydor sa sanggunian ni David... ang nagbigti, 17:23.

15:23, ang iyakan, ang Ilog Kidron.

15:30, ang Bundok ng mga Olibo.

15:32, ang maliit na grupo ng mga tapat na nasa tuktok ng bundok.

16:9, gusto ng heneral na ipagtanggol sa tabak ang kanyang hari; pinagbawalan siya ni David.

16:13, ang mga insulto, ang maikling pagtakas na nagtatapos sa pagkamatay ng rebelde, 18:15.

lahat ng Kereteo, Peleteo at ang animna-
raang lalaking Giteo na sumama sa kanya
mula sa Gat, at nagpauna sila sa kanya.
19 Sinabi ng hari sa kanilang pinunong
si Ittai na Giteo: "Ba't sumama ka pa sa
amin? Bumalik ka na at manatiling
kasama ng hari sapagkat dayuhan ka at
ipinatapon mula sa iyong lupain. 20 Kara-
rating mo pa lamang kahapon at ngayo'y
pagagalain pa kitang kasama namin sa
pag-alis ko. Bumalik ka na at isama ang
iyong mga kapatid, at sumaiyo nawa ang
pag-ibig at katapatan ni Yawe." 21 Suma-
got si Ittai sa hari: "Isinusumpa ko kay
Yawe at sa inyo na saan-man naroon ang
aking panginoong hari, maging sa buhay
man o kamatayan, naroon din ang inyong
lingkod."
22 At sinabi ni David kay Ittai: "Sige,
tayo na." At nagpatuloy si Ittai na Giteo at
lahat niyang tauhan at lahat ng batang
kasama niya. 23 Malakas namang nana-
ngis ang buong bayan sa pagdaan ng mga
tao. Tumawid ang hari sa Batis Kidron at
nagpatuloy ang lahat ng tao patungo sa
disyerto.
24 Heto na ang paring si Sadok, kasama
ang lahat ng Levitang maydala sa Kaban
ng Pakikipagtipan ng Diyos. Ibinaba nila
ang Kaban ng Diyos at umahon naman si
Abiatar hanggang makalabas na lahat
ang mga tao mula sa lunsod. 25 At sinabi
ng hari kay Sadok: "Ibalik sa lunsod ang
Kaban ng Diyos. Kung kasiya-siya ako sa
paningin ni Yawe, pababalikin niya ako at
ipakikitang muli ang Kaban at ang kan-
yang tirahan. 26 Ngunit kung sasabihin ni-
yang hindi ako kalugud-lugod sa kanya,
narito ako at gawin niya sa akin ang ma-
buti sa palagay niya."
27 Sinabi rin ng hari sa paring si Sadok:
"Sige, bumalik kang mapayapa sa lunsod
at isama ninyo ang iyong anak na lalaking
si Ahimaaz, at si Abiatar at si Yonatang
anak niya. 28 Maghihintay ako sa may
kublihan sa disyerto hanggang padalhan
ninyo ako ng balita."
29 Ibinalik nga nina Sadok at Abiatar sa
Jerusalem ang Kaban ng Diyos, at nana-
tili sila roon.
30 Umakyat namang nananangis si
David sa Bundok ng Olibo. May takip ang
ulo at nakayapak, at may takip din sa ulo
ang lahat ng kasama niyang nananangis
habang umaahon.

**Paghiya kay David**

31 Nang maibalita kay David na kabilang si
Ahitofel sa mga kasabwat ni Absalom, sinabi
niya: "O Yawe, gawin mo nawang kahangalan
ang payo ni Ahitofel."
32 Pagsapit ni David sa tuktok na pinag-
sasambahan sa Diyos, sinalubong siya ni Husai
na Arkita na warak ang damit at may alikabok sa
ulo. 33 Sinabi ni David sa kanya: "Magiging pa-
bigat ka sa akin kung sasama ka. 34 Mas matu-
tulungan mo akong biguin ang payo ni Ahitofel
kung babalik ka sa lunsod at sasabihin kay
Absalom na 'Magiging lingkod ninyo ako, O
mahal na Hari! Naging lingkod ako ng inyong
ama at magiging lingkod naman ninyo ako
ngayon.' 35 Makakasama mo roon ang mga pa-
ring sina Sadok at Abiatar. Iulat mo sa kanila
anumang mabalitaan mo sa bahay ng hari.
36 Parehong naroon ang kanilang mga anak, si
Ahimaaz na anak ni Sadok at si Yonatang anak
ni Abiatar, at ipasabi mo sa akin sa pamamagi-
tan nila ang anumang marinig mo."
37 At dumating sa lunsod si Husai na kaibigan
ni David kasabay ng pagpasok ni Absalom sa
Jerusalem.

**16** 1 Kalalampas pa lamang ni David sa
tuktok nang salubungin siya ni Zibang
lingkod ni Mefibaal, na may akay na isang pares
na asnong may dalang dalawandaang tinapay,
sandaang buwig na pasas, sandaang prutas ng
tag-init at isang sisidlang puno ng alak. 2 Tina-
nong ng hari si Ziba: "Ba't dala mo ang mga ito?"
Sumagot si Ziba: "Ang mga asno'y sasakyan ng
mga kaanak ng hari. Ang mga tinapay at prutas
ay pagkain ng mga tauhan, at ang alak ay para
may mainom ang mga pagod sa disyerto."
3 At sinabi sa kanya ng hari: "Nasaan ang
anak ng iyong amo?" Sumagot si Ziba: "Nasa
Jerusalem sapagkat sinabi niyang 'Ibabalik
ngayon sa akin ng sambahayan ng Israel ang
kaharian ng aking ama!'." 4 Sinabi sa kanya ng
hari: "Iyo na ngayon ang lahat ng ari-arian ni
Mefibaal." At sinabi ni Ziba: "Lumuluhod ako sa
aking panginoong hari, at maging kasiya-siya
nawa ako sa inyong paningin."

5 Dumating si Haring David sa Bahurim,
at isang lalaki mula sa angkan ni Saul na
nagngangalang Simei na anak ni Gera
ang lumabas na nagmumura. 6 Binato
niya si David at ang lahat ng opisyal ng
hari, bagamat napapagitnaan si David ng
mga tao ng mga mandirigma.

7 Sinabi ni Simei sa kanyang pagmu-
mura: "Lumayas ka! Layas! Taong uhaw-
sa-dugo at walang silbi! 8 Siningil sa iyo
ngayon ni Yawe ang lahat ng dugo ng
angkan ni Saul. Ikaw ang naghari sa lugar
niya kaya ibibigay rin ni Yawe ang kaha-
rian sa mga kamay ni Absalom na iyong
anak. Narito na ang pagbagsak mo sa-
pagkat uhaw ka sa dugo."

9 Sinabi naman sa hari ni Abisai na
anak ni Sarvia: "Bakit minumura ng patay
na asong ito ang aking panginoong hari?
Patawirin lamang ninyo ako't pupugutan
ko siya ng ulo."

10 Ngunit sinabi ng hari: "H'wag ninyo
'kong pakialaman, mga anak ni Sarvia.
Kung nagmumura siya dahil sinabihan
siya ni Yaweng sumpain si David, sino ang
makapagpapanagot sa kanya?" 11 At si-
nabi ni David kay Abisai at sa lahat niyang
opisyal: "Tingnan ninyo, kung ang aking
anak na sarili ko nang laman ay nagha-
hangad na patayin ako, ano pa ang Ben-
jaminitang ito! Pabayaan ninyo siya at
bayaang sumpain niya ako pagkat iyon
ang sabi sa kanya ni Yawe. 12 Baka saka-
ling makita ni Yawe ang aking pighati at
suklian ng kabutihan ang panunumpa
niya sa araw na ito."

13 Nagpatuloy sa daan si David at ang
kanyang mga tauhan samantalang patu-
loy rin siyang sinusundan ng mura ni
Simei na naghahagis ng bato at alikabok
sa kanya mula sa kabilang libis ng burol.
14 Dumating sa may Jordan ang hari at
ang lahat ng kasama niya, pagod na
pagod, at doon siya nakabawi ng lakas.

15 Pumasok naman sa Jerusalem si Absalom
at ang lahat ng Israelita kasama si Ahitofel.
16 Nilapitan si Absalom ni Husai na Arkitang
kaibigan ni David, at sumigaw: "Mabuhay ang
Hari! Mabuhay!" 17 Sinabi ni Absalom kay Husai:
"Ganito ba ang pagmamahal mo sa iyong ka-
ibigan? Ba't di ka umalis kasama ng kaibigan
mo?" 18 Sinabi ni Husai kay Absalom: "Hindi.
Ako'y para sa pinili ni Yawe at ng bayang ito at
ng lahat ng Israelita, at sa kanya ako mananatili.
19 Sino ngayon ang aking paglilingkuran? Hindi
ba't dapat ko lang paglingkuran ang kanyang
anak gaya ng paglilingkod ko sa iyong ama?
Kaya maglilingkod ako sa iyo."

20 Sinabi ni Absalom kay Ahitofel: "Mag-
pulong kayo tungkol sa dapat nating gawin."
21 Sinabi ni Ahitofel kay Absalom: "Sumiping ka
sa mga asawang-alipin ng iyong ama na iniwan
niya para mag-alaga sa palasyo. Kapag nabali-
taan ng buong Israel na naging kasuklam-
suklam ka na sa iyong ama, lalakas ang loob ng
lahat mong tagasunod."

22 Kaya ipinagtayo nila ng tolda si Absalom sa
terasa at sumiping siya sa mga asawang-alipin
ng kanyang ama, na lantarang nakikita ng
buong Israel. 23 Nang panahong iyon, ipinalala-
gay na parang pagsangguni na rin sa salita ng
Diyos ang payo ni Ahitofel. At ganito ang pala-
gay nina David at Absalom sa lahat ng payo ni
Ahitofel.

**17** 1 Sinabi ni Ahitofel kay Absalom: "Papi-
liin mo ako ng labindalawang libong
tauhan para habulin si David ngayong gabi.
2 Sasalakayin ko siya habang pagod siya't nang-
hihina. Bibiglain ko siya at tatakas ang lahat ng
kasama niya kayat ang hari lamang ang pa-
patayin ko, 3 at maibabalik ko sa iyo ang buong
bayan gaya ng pag-uwi ng nobya sa kanyang
asawa. Ang kamatayan lamang naman ng isang
tao ang tanging hangad mo kayat hindi maaano
ang bayan." 4 Nakalugod ang ideang ito kay
Absalom at sa matatanda ng Israel. 5 Ngunit
sinabi ni Absalom: "Ipatawag din si Husai na
Arkita para marinig natin kung ano ang masa-
sabi niya."

6 Pagharap ni Husai kay Absalom, tinanong
siya nito: "Ito ang payo ni Ahitofel. Gagawin ba
namin ang kanyang sinabi? Kung hindi, sabihin
mo ang iyong palagay?" 7 Sinabi ni Husai kay
Absalom: "Sa pagkakataong ito, hindi maganda
ang payo ni Ahitofel. 8 Alam mong magiging na
mandirigma ang iyong ama at ang kanyang
mga tauhan, at simbangis ng inahing osong
inagawan ng mga anak sa gubat. Sanay na sa
giyera ang iyong ama kayat hindi siya sasama
sa kanyang mga tauhan sa magdamag. 9 Sa
mga sandaling ito, tiyak na nagtatago siya sa
isang kuweba o sa iba pang lugar. Kahit na ilan

lamang sa ating mga tauhan ang mabuwal sa
unang pagsalakay, sasabihin ng sinumang ma-
kakabalita nito na napuksa ang mga tagasunod
ni Absalom. 10 Kayat maging ang pinakamagi-
giting na may pusong-leon ay lubos na pang-
hihinaan ng loob sapagkat alam ng buong Israel
kung gaano kagiting ang iyong ama pati ang
mga kasama niya. 11 Kaya ipinapayo kong ti-
punin mo sa iyo ang buong Israel mula Dan
hanggang Berseba, na gaya ng buhangin sa
aplaya sa dami, ikaw mismo ang manguna sa
labanan. 12 At lulusubin natin siya saanman siya
naroon at daragsa tayo sa kanya gaya ng pag-
patak ng hamog sa lupa. At wala tayong ititirang
buhay, maging siya man o sinuman sa mga
lalaking kasama niya. 13 Kung uurong siya sa
isang siyudad, magdadala ng lubid ang buong
Israel sa siyudad na iyon at hahatakin natin iyon
sa talampas hanggang wala nang malabi rito isa
mang bato."

14 Sinabi ni Absalom at ng lahat ng Israelita:
"Mas mabuti ang payo ng Arkitang si Husai
kaysa payo ni Ahitofel." Dahil ipinasya na ni
Yaweng biguin ang magaling na payo ni Ahitofel
upang maghatid ng kapahamakan kay Absa-
lom.

15 At sinabi naman ni Husai sa mga paring
sina Sadok at Abiatar: "Ganito ang ipinayo ni
Ahitofel kay Absalom at sa mga matatanda ng
Israel pero ito naman ang ipinayo ko. 16 Kayat
pasabihan ninyo agad si David na huwag mag-
palipas ng gabi sa taguan sa disyerto kundi
tumawid sa kabilang ibayo, kung hindi'y ma-
lilipol ang hari at lahat ng kasama niya!"

17 Samantala, nasa may bukal naman ng
Rogel sina Yonatan at Ahimaaz. Isang aliping
babae ang nagpunta roon para sabihin ito sa
kanila upang maihatid naman nila ito kay Haring
David, sapagkat hindi sila puwedeng makita sa
lunsod. 18 Ngunit nakita sila ng isang binata at
sinabi ito kay Absalom. Agad na umalis ang
dalawa at nagtuloy sa bahay ng isang lalaki sa
Bahurim. May balon sa bakuran at lumusong
sila roon. 19 Kumuha naman ng kumot ang
maybahay at tinakpan ang bunganga ng balon
at saka kinalatan ng mga butil para hindi ma-
halata.

20 Pagdating ng mga tauhan ni Absalom sa
bahay ng babae, itinanong nila: "Nasaan sina
Ahimaaz at Yonatan?" Sumagot sa kanila ang
babae: "Tumawid sila sa ipunan ng tubig." Hina-
nap nila sila pero hindi nakita kaya nagbalik ang
mga ito sa Jerusalem. 21 Pagkaalis ng mga tau-
han ni Absalom, umahon ang dalawa mula sa
balon at nagpunta kay Haring David at sinabi:
"Tumawid kayo agad sa ilog sapagkat laban sa
inyo ang ipinayo ni Ahitofel."

22 At lumakad nga si David at lahat ng ka-
sama niya, at tumawid sa Jordan. Nang mag-
bukanliwayway, nakatawid na ang lahat sa Ilog
Jordan.

23 Nang makita ni Ahitofel na hindi nasunod
ang kanyang payo, inihanda niya ang kanyang
asno at sumakay pauwi sa kanyang tahanan sa
kanyang lunsod. Matapos tagubilinan ang kan-
yang sambahayan, nagbigti siya at namatay.
Inilibing siya sa libingan ng kanyang ama.

24 Nasa Mahanaim na si David nang tumawid
sa Jordan si Absalom kasama ang lahat ng
Israelita. 25 Si Amasa ang pinamuno ni Absalom
sa hukbo bilang kahalili ni Yoab. Si Amasa ang
anak ng isang lalaking tinatawag na Itra, ang
Ismaelitang pinakasalan ni Abigail na anak ni
Isai at kapatid ni Sarviang ina ni Yoab. 26 Nag-
kampo ang mga Israelita at si Absalom sa lupain
ng Galaad.

27 Pagdating ni David sa Mahanaim, si Sobing
anak na lalaki ni Nahas na taga-Raba ng mga
Amonita at si Makir na anak na lalaki ni Ammiel
ng Lodebar at si Barzilai na Galaaditang taga-
Rogelim 28 ay nagdala ng mga higaa't kumot,
mga palanggana't palayok, at ng trigo, sebada,
harina, sinangag na butil, balatong at munggo,
29 pulot-pukyutan at kinortang gatas, tupa at
kesong gatas ng baka. Inihain nila ang mga ito
kay David at sa mga kasama niya sapagkat
naisip nilang "Gutom na't pagod pa at uhaw ang
mga tao galing sa disyerto."

**18** 1 Inihanay ni David ang mga kasama niya
at naglagay ng mga pinuno ng tigsasan-
libo at tigsasandaan. 2 Pinalakad niya ang hukbo
– nasa pamumuno ni Yoab ang ikatlong bahagi,
at nasa ilalim naman ni Abisai na anak ni Sarvia
at kapatid ni Yoab ang isang ikatlo, at kay Ittai na
taga-Gat ang isa pang ikatlong bahagi. At sinabi
ng hari sa hukbo: "Sasama ako sa inyo." 3 Ngunit
sumagot ang mga tao: "Hindi kayo dapat su-
mama. Bale-wala sa kanila kung tumakas man
kami o kalahati sa amin ang mamatay. Ngunit
katumbas kayo ng sampung libo sa amin at mas
makabubuti ngayon kung matutulungan ninyo
kami mula sa lunsod." 4 At sinabi ng hari sa
kanila: "Gagawin ko ang mabuti sa palagay
ninyo." Tumindig ang hari sa tabi ng pintuan, at
daan-daan at libu-libong lumabas ang hukbo.
5 Inutusan ng hari sina Yoab, Abisai at Ittai:
"Huwag ninyong saktan ang binatang si Absa-
lom alang-alang sa akin." Narinig ng buong
hukbo ang utos na ito ng hari sa lahat ng pinuno
tungkol kay Absalom.

**Pagkalupig at pagkamatay ni Absalom**

• 6 Sumugod ang hukbo ni David sa lu-
pain laban sa Israel. Naganap ang laba-
nan sa kagubatan ng Efraim 7 at doon
nalupig ng mga tauhan ni David ang mga
Israelita. Marami ang namatay nang araw
na iyon – dalawampung libong katao.
8 Lumaganap ang labanan sa buong lu-
pain at nang araw na iyon, mas maraming
tao ang nilamon ng kagubatan kaysa pa-
mamagitan ng tabak.
9 Samantala, nangangabayo si Absa-
lom nang masalubong siya ng mga ta-
uhan ni David. Nang dumaan ang mola sa
ilalim ng makapal na mga sanga ng isang
malaking puno ng ensina, nasabit ang ulo
ni Absalom sa puno at naiwang nakabitin
sa pagitan ng langit at lupa. At nagpatuloy
naman ang molang kanyang sinasakyan.
10 May nakakita nito at sinabi kay Yoab:
"Nakita ko si Absalom na nakabitin sa
puno ng ensina."
11 Sinabi ni Yoab sa lalaking nagbalita
sa kanya: "Ano? Nakita na pala siya pero
bakit hindi mo pa siya pinatay kaagad?
Bibigyan pa sana kita ng sampung pira-
song pilak at isang sinturon." 12 Ngunit
sinabi ng lalaki kay Yoab: "Bilangin man
sa palad ko ang sanlibong pirasong pilak,
hindi ko mapagbubuhatan ng kamay ang
anak ng hari sapagkat narinig namin ang
iniutos niya sa iyo pati kina Abisai at Ittai
na h'wag ninyong gagalawin ang binatang
si Absalom alang-alang sa kanya. 13 Kung
gumawa ako ng masama, malalaman din
ito ng hari, at tiyak na hindi ninyo ako
ipagtatanggol." 14 Sumagot si Yoab: "Hindi
kita pag-aaksayahan ng panahon." At ku-
muha siya ng tatlong sibat at itinarak ang
mga ito sa puso ni Absalom na buhay
pang nakabitin sa puno ng ensina. 15 At
pinaligiran si Absalom ng sampung taga-
pagdala ng sandata ni Yoab; sinaksak nila
si Absalom at pinatay.
16 Pinahipan ni Yoab ang trumpeta at
itinigil ng hukbo ang paghabol sa mga
Israelita sapagkat pinatigil na sila ni Yoab.
17 Kinuha nila si Absalom at itinapon sa
isang malaking hukay sa gubat at tinabu-
nan ng malalaking bato.
Samantala, tumakas naman ang lahat
ng Israelita patungo sa kanya-kanyang
tahanan.

18 Nang nabubuhay pa si Absalom, nagpatayo
siya ng sariling monumento sa Lambak ng Hari
at sinabi niyang "Wala akong anak na lalaki na
magpapaalaala sa aking pangalan." Tinawag
niya sa sariling pangalan ang bantayog, at hang-
gang sa panahong ito, tinatawag iyong Monu-
mento ni Absalom.
19 Sinabi naman ni Ahimaaz na anak ni
Sadok: "Patakbo akong aalis ngayon para iba-
lita sa hari na iniligtas na siya ni Yawe sa kamay
ng kanyang mga kaaway." 20 Ngunit sinabi ni
Yoab sa kanya: "Hindi ka maghahatid ngayon
ng magandang balita; sa ibang araw na lang.
Sapagkat walang magandang balita ngayon
dahil patay ang anak ng hari." 21 Isang taga-Kus
ang sinabihan ni Yoab: "Ikaw ang pumunta sa
hari at ibalita sa kanya ang iyong nakita." Yu-
muko ang Kusita sa harap ni Yoab at tumakbo.
22 Ngunit muling sinabi kay Yoab ni Ahimaaz
na anak ni Sadok: "Anuman ang mangyari,
pahintulutan mo akong tumakbong kasunod ng
Kusita." Nagtanong si Yoab: "Bakit kailangan
mo pang sumunod, anak? Alam mo namang
wala kang mapapala sa balitang ito." 23 Iginiit ni
Ahimaaz: "Hindi bale, pahintulutan mo lamang
ako." Sumagot si Yoab: "Sige, sumugod ka!"
Tinakbo ni Ahimaaz ang kahabaan ng kapa-
tagan, at naunahan pa niya ang Kusita.
24 Nakaupo si David sa pagitan ng dalawang
pintuan. Pumunta naman ang bantay sa itaas ng
pintuan ng moog, at may natanaw itong lalaking
nag-iisang tumatakbo at palapit.

**Ibinalita kay David ang pagkamatay ni Absalom**

25 Tinawag ng tanod ang hari at iniulat

---

• **18.**6 Mahirap paiksiin ang buhay at napakagandang salaysay na ito.

Walang kaduda-duda na ipinaaalaala sa atin ng eksena ang talinhaga ng Waldas na Anak. Kahit na umalis ang anak sa bahay ng kanyang ama at nagdala sa kanya ng maraming pinsala, hindi pa rin nawalan ng pag-asa ang ama. At dahil sa labis niyang pagmamahal kaya nasa may pintuan siya ng siyudad sa paghihintay ng balita, gaya ng Ama sa talinhaga na siyang unang nakakita sa kanyang anak na bumabalik.

Tama si Yoab mula sa pananaw ng pulitika, pero mas malapit si David sa paraan ng pagtingin ng Diyos.

ito. Sinabi ng hari: "Kung nag-iisa siya, tiyak na magandang balita ang kanyang
dala." Nang malapit na ang lalaki, [26] na-
tanaw ng tanod ang isa pang lalaking tumatakbo. Tinawag niya ang bantay-pinto at sinabing "Tingnan mo, may isa pang lalaking nag-iisang tumatakbo!" Sinabi ng hari: "May dala rin siyang magandang
balita." [27] Sinabi naman ng tanod: "Sa tingin ko'y parang si Ahimaaz na anak ni Sadok kung tumakbo ang unang lalaki." Sumagot ang hari: "Mabuting tao siya kayat magandang balita ang dala niya."

[28] Tumawag si Ahimaaz sa hari: "Mabuti ang lahat." Yumuko siyang abot sa lupa ang mukha sa harap ng hari at sinabing "Purihin si Yaweng inyong Diyos na naningil sa mga taong naghimagsik sa aking
panginoong hari!" [29] Tinanong siya ng
hari: "Mabuti ba ang batang si Absalom?" Sumagot si Ahimaaz: "Nang isugo ni Yoab ang inyong lingkod, may nakita akong malaking kaguluhan ngunit hindi ko alam
kung ano." [30] Kaya sinabi ng hari: "Dito ka
muna sa tabi ko." At tumindig nga siya sa tabi.

[31] Dumating ang Kusita at sinabi: "Magandang balita, aking panginoong hari! Binigyang-katarungan kayo ngayon ni Yawe at iniligtas sa kamay ng lahat ng
naghimagsik sa inyo." [32] Tinanong ng hari
ang Kusita: "Mabuti ba naman ang binatang si Absalom?" Sumagot ang Kusita: "Matulad nawa sa binatang iyon ang mga kaaway ng aking panginoong hari at lahat ng naghihimagsik sa inyo."

**19** [1] Lubhang nabigla ang hari at umakyat sa silid sa itaas ng pintuan. Umiiyak siya habang umaakyat at sinabing "Anak ko, Absalom! Anak ko, anak ko, Absalom! Ako na sana ang namatay at hindi ikaw, O Absalom! Anak ko, anak ko!"

[2] May nag-ulat kay Yoab na umiiyak ang hari at nagluluksa dahil kay Absalom.
[3] Kayat nang mabalitaan ng buong bayan na namimighati ang hari dahil sa kanyang anak, nauwi sa pagluluksa ang tagumpay
sa araw na iyon. [4] Tahimik na pumasok sa
lunsod ang mga tao nang araw na iyon, palihim na parang natalo at nahihiya. [5] Ti-
nakpan ng hari ang kanyang mukha at sumigaw: "Anak kong Absalom, O Absalom, anak ko, anak ko!"

[6] Pumasok si Yoab sa bahay ng hari at sinabi: "Isinubo ninyo ngayon sa kahihiyan ang lahat ng inyong tauhan na nagligtas sa inyong buhay at sa buhay ng inyong mga anak, mga asawa at mga asawang-
alipin. [7] Mahal nga ninyo ang mga namu-
muhi sa inyo at kinamumuhian ang mga nagmamahal sa inyo. Sapagkat ipinahayag ninyo sa araw na ito na bale-wala sa inyo ang inyong mga pinuno at mga tauhan. Dahil nakikita ko ngayon na mas naging kasiya-siya sana sa inyo kung namatay na kaming lahat, mabuhay la-
mang si Absalom. [8] Lumabas kayo nga-
yon at palakasin ang loob ng inyong mga tauhan. Isinusumpa ko sa ngalan ni Yawe na kung hindi kayo lalabas, wala isa mang matitira sa inyo ngayong gabi. Mas magiging masama ito para sa inyo kaysa lahat ng kasamaang dumating sa inyo mula pagkabata hanggang ngayon."

**Nagbalik sa Jerusalem si David**

[9] Kaya tumindig ang hari at naupo sa may pintuan. Nang masabihan ang mga tao na nakaupo ang hari sa may pintuan, nagsiharap silang lahat sa kanya.

Tumakas naman ang mga taga-Israel, bawat
isa sa kanyang tahanan. [10] Ngunit nagtalu-talo
ang mga tao sa lahat ng tribu ng Israel: "Iniligtas tayo ng hari sa kamay ng ating mga kaaway at sinagip tayo sa mga Pilisteo, at ngayo'y tumakas siya sa lupain dahil kay Absalom. [11] Nama-
tay naman sa labanan si Absalom na ating pinahiran bilang hari natin. At ngayon, ba't wala tayong ginagawa para ibalik ang hari?"

[12] Nakarating kay David ang sinabi ng mga Israelita kaya ipinasabi niya sa mga paring sina Sadok at Abiatar: "Sabihin ninyo sa mga matatanda ng Juda: Bakit kayo ang magiging pinakahuli sa pagpapauwi sa hari sa kanyang pa-
lasyo? [13] Mga kapatid ko kayo, sarili kong laman

at dugo. Ba't kayo ang pinakahuli sa pagpapa-
balik sa hari? 14 Sabihin din ninyo kay Amasa:
Hindi ba kita kadugo? Gawin nawa ito sa akin ng
Diyos at higit pa kung hindi ikaw ang magiging
heneral ng aking hukbo mula ngayon bilang
kapalit ni Yoab." 15 Nakuha niya ang loob ng
lahat ng taga-Juda, nagkaisa sila at nagpasabi
sa hari: "Bumalik kayo at lahat ng inyong tau-
han."

16 At nagbalik nga ang hari. Dumating siya sa
Jordan at nagpunta ang mga taga-Juda sa
Gilgal para salubungin ang hari at itawid sa
Jordan.

17 Nagmamadaling lumusong kasama ng
mga taga-Juda si Simei na anak ni Gera, ang
Benjaminitang taga-Bahurim para sumalubong
kay Haring David. 18 Kasama niya ang sanlibong
lalaki mula sa Benjamin pati si Zibang utusan ng
sambahayan ni Saul kasama ang labinlima
niyang anak at dalawampung utusan. Nagma-
madali silang pumunta sa Jordan para salubu-
ngin ang hari. 19 Tumawid sila sa may batuhan
para itawid ang sambahayan ng hari at gawin
ang mabuti sa palagay nito.

Nagpatirapa sa harap ng hari si Simeing anak
ni Gera sa pagtawid nito sa Jordan, 20 at sinabi:
"Pawalang-sala nawa ako ng aking panginoong
hari. Huwag ninyo na sanang alalahanin pa ang
mga kamaliang nagawa ng inyong alipin nang
umalis sa Jerusalem ang aking panginoong
hari. Huwag na sana itong magunita pa ng hari
21 sapagkat inaamin kong nagkasala ako. Kayat
naparito ako ngayon, ang kauna-unahan sa
buong lipi ni Jose, upang salubungin ang aking
panginoong hari."

22 Sumagot si Abisai na anak ni Sarvia: "Hindi
ba dapat patayin si Simei dahil isinumpa niya ang
pinahiran ni Yawe?" 23 Ngunit sinabi ni David:
"H'wag ninyo 'kong pakialaman, mga anak ni
Sarvia. Kailangan bang may ipapatay ngayon sa
Israel? Hindi ko ba alam na ako nang muli ang
hari ngayon ng Israel?" 24 At ipinangako ng hari
kay Simei: "Hindi ka mamamatay."

25 Dumating si Mefibaal na anak ni Saul para
salubungin din ang hari. Hindi pa niya nahuhu-
gasan ang mga paa o nagugupit ang kanyang
bigote o nalalabhan ang kanyang damit mula
nang umalis ang hari hanggang sa araw na
makabalik itong maluwalhati. 26 Pagdating ni
Mefibaal galing sa Jerusalem para salubungin
ang hari, sinabi ng hari sa kanya: "Ba't hindi ka
sumama sa akin, Mefibaal?" 27 Sumagot siya:
"Aking panginoon, O mahal na Hari! Nilinlang
ako ng aking utusan. Dahil lumpo ang inyong
lingkod, sinabi ko sa kanyang ihanda ang asno
para makasakay ako't makasama sa hari.
28 Ngunit siniraan niya ako sa aking panginoong
hari. Parang anghel ng Diyos ang aking pangi-
noong hari kaya gawin ninyo ang mabuti sa
palagay ninyo. 29 Tiyak na patay na sana ang
buong angkan ng aking ama sa harap ng aking
panginoong hari ngunit ibinilang pa ninyo ang
inyong lingkod sa mga dumudulog sa inyong
hapag. Anong karapatan meron ako para mag-
reklamo pa sa hari?"

30 Sinabi ng hari sa kanya: "Ba't marami ka
pang sinasabi? Nakapagpasya na ako – ikaw at
si Ziba ay maghahati sa lupain." 31 Sumagot si
Mefibaal: "Ipakuha na ninyo sa kanya ang lahat
sapagkat maluwalhating nakarating sa kanyang
bahay ang aking panginoong hari."

32 Lumusong din galing sa Rogelim si Barzilai
na taga-Galaad para samahan at ihatid ang hari
sa pagtawid sa Jordan at mamaalam sa kanya.
33 Napakatanda na ni Barzilai na walumpung taon
na. Napakayaman niya kaya siya ang sumus-
tento sa hari sa Mahanaim. 34 Sinabi ng hari kay
Barzilai: "Tumawid kang kasama ko at sa amin na
tumira sa Jerusalem. Ako ang bahala sa iyo."

35 Ngunit sinabi ni Barzilai sa hari: "Gaano
katagal pa ba akong mabubuhay para sumama
ako sa hari sa Jerusalem? 36 Walumpung taon
na ako ngayon at hindi ko na alam ang kaibahan
ng mabuti sa masama. Malalasahan pa ba ng
inyong lingkod ang kanyang kinakain o ini-
inom? O mapapakinggan pa ba niya ang tinig ng
mga lalaki at babaeng umaawit? Bakit kaila-
ngang maging dagdag pang pabigat ang inyong
lingkod sa aking panginoong hari? 37 Sasama-
han ng inyong lingkod ang hari sa pagtawid sa
Jordan hanggang sa may kabilang ibayo pero
bakit kailangang gantimpalaan pa ako ng hari
nang ganito? 38 Pauwiin na lamang ninyo ako
upang sa sariling lunsod mamatay sa tabi ng
puntod ng aking ama't ina. Ngunit narito ang
inyong lingkod na si Kimham! Siya ang patawi-
rin ninyong kasama ng aking panginoong hari at
gawin sa kanya ang mabuti sa tingin ninyo."
39 Sumagot ang hari: "Kasama kong tatawid si
Kimham at gagawin ko sa kanya ang mabuti sa
tingin mo. Gagawin ko para sa iyo anuman ang
gusto mo."

• 40 Tumawid sa Jordan ang buong bayan

---

• **19.**40 Hindi talagang nalulutas ng tagumpay ni David ang problemang pagkakaisa ng mga tribu. Sinamantala lamang ni Absalom ang naroon nang pagkakawatak-watak at lalo pa itong pinalala. Sumama ang loob ng mga taga-Juda laban sa Israel, gayong marami rin sa kanilang tribu ang tumulong kay

kasama ang hari. Niyakap at binasbasan ng hari si Barzilai at umuwi ito sa kanyang tahanan.

41 Nagtuloy sa Gilgal ang hari kasama si Kimham at ang buong hukbo ng Juda at ang kalahati ng hukbo ng Israel. 42 Lumapit ang lahat ng Israelita sa hari at sinabi: "Bakit kayo inagaw sa amin ng mga kapatid naming taga-Juda? Dinala nila ang hari at ang kanyang sambahayan sa kabilang ibayo ng Jordan, at kasama rin ang lahat niyang tauhan."

43 Sinagot ng lahat ng taga-Juda ang mga Israelita: "Dahil malapit naming kamag-anak ang hari. Ngunit ba't ninyo ito ikagagalit? Pinakain ba kami o niregaluhan ng hari?" 44 Sumagot naman ang mga Israelita: "Mas may karapatan kami sa hari kaysa inyo sapagkat sampu kami laban sa isa. Bakit naman ninyo kami winawalang-halaga? Hindi ba kami ang nagpasimuno sa pagpapabalik sa ating hari?" Ngunit naging mas matindi ang pakikipagtalo ng mga taga-Juda sa mga Israelita.

**Nagrebelde si Seba kay David**

**20** 1 May isang lalaking patapon na nagngangalang Seba na anak ni Bikri na isang Benjaminita. Hinipan niya ang trumpeta at sinabing "Wala tayong bahagi kay David ni sa pamana ng anak ni Jese! Bawat isa sa kanyang tolda, O Israel!"

2 At iniwan nga ng lahat ng Israelita si David at sinundan si Sebang anak ni Bikri. Ngunit nanatili ang mga taga-Juda sa kanilang hari mula Jordan hanggang Jerusalem.

3 Pagpasok ni David sa kanyang bahay sa Jerusalem, kinuha niya ang sampung asawang-alipin na kanyang iniwan para mangalaga sa palasyo at pinatanuran ang mga ito sa ibang bahay. Sinustentuhan niya ang mga ito ngunit hindi na siya nakipagtalik pa sa kanila. Nanatili silang nakakulong na parang mga biyuda hanggang araw ng kanilang kamatayan.

4 Sinabi ng hari kay Amasa: "Tipunin mo sa akin ang kalalakihan ng Juda sa loob ng tatlong araw at pumarito ka sa akin."
5 Umalis si Amasa para tipunin ang Juda pero natagalan siya't lumampas sa panahong itinakda ng hari.
6 Sinabi ni David kay Abisai: "Higit na pinsala ang gagawin sa atin ni Sebang anak ni Bikri kaysa ginawa ni Absalom. Isama mo ang aking mga tauhan at habulin siya, at baka makatakas pa siya sa atin sa alinmang kutang-lunsod."
7 Umalis sa Jerusalem si Abisai kasama ang mga tauhan ni Yoab at ang mga Kereteo at Peleteo at lahat ng magigiting na mandirigma para habulin si Sebang anak ni Bikri.
8 Nasa may malaking bato sila sa Gibeon nang salubungin sila ni Amasa. Suot noon ni Yoab ang kanyang damit na may sinturong may tabak na nasa kaluban. Nahulog mula roon ang tabak.
9 Sinabi ni Yoab kay Amasa: "Kumusta ka, kapatid?" At hinawakan niya ng kanang kamay ang balbas ni Amasa para halikan. Hindi nakita ni Amasa ang tabak na hawak ni Yoab, at sinaksak niya ito sa tiyan at lumuwa ang kanyang mga bituka sa lupa.
10 Hindi na kailangang ulitin pa ito pagkat namatay si Amasa noon din.

Hinabol nina Yoab at Abisai na kapatid nito si Sebang anak ni Bikri.

11 Samantala, isang tauhan ni Yoab ang tumayo sa tabi ni Amasa at sinabi: "Sumunod kay Yoab ang sinumang kapanig ni Yoab at para kay David."
12 Nakabulagta si Amasa na naliligo sa sariling dugo sa gitna ng daan. At nakita ng tauhang ito na napapatigil doon ang lahat ng napapadaan kayat inalis niya sa daan si Amasa at dinala sa bukid at tinakpan ng damit.
13 Nang maalis na si Amasa sa daan, nagpatuloy ang lahat ng tao at sumunod kay Yoab para habulin si Sebang anak ni Bikri.

14 Dumaan si Seba sa lahat ng tribu ng Israel, at dumating sa Abel ng Bet-Maaka, kasama ang lahat niyang kakampi.
15 Dumating ang lahat ng kasama ni Yoab at kinubkob siya sa Abel ng Bet-Maaka. Gumawa sila ng bunton ng lupa sa labas ng pader laban sa lunsod, at naghukay sa ilalim ng pader ang lahat ng tauhan ni Yoab para ibagsak iyon.

16 Isang matalinong babae ang sumigaw mula sa lunsod: "Makinig kayo, makinig kayo! Sabihin ninyo kay Yoab na pumarito para makausap ko."

17 Lumapit nga si Yoab at sinabi sa kanya ng babae: "Kayo ba si Yoab?" Sumagot siya: "Ako

---

Absalom. Kaya hinadlangan nila na makapaghari si David sa lahat at lalo namang pinalaki ng kanilang tagumpay ang "punit" sa pagkakaisang babago pa lamang na natatamo.

Kapag tayo mismo ang nasusunog sa alitan, wala na waring mas maganda pang solusyon kundi ang ihiwalay ang mga kumakalaban sa atin o sa ating partido. Ngunit kung mula sa labas natin tinitingnan ang mga bagay-bagay, kaagad nating hinuhusgahan ang mga magwawalay sa iba. Ibinubunyag ng Biblia na ang tao ay makasalanan: laging may tensiyon sa pagitan ng ating pagkauhaw sa pagkakaisa at sa pangangailangang magparusa sa nagkasala (1 Cor 5) o wari'y nagkasala. Lagi tayong maging mapagkumbaba kapwa pag nagpapasya tayong magwalay o nagtataguyod sa pagkakaisa at kapayapaan.

nga." Sinabi ng babae: "Pakinggan ninyo ang
sasabihin ng inyong lingkod." Sumagot si Yoab:
"Nakikinig ako." 18 Nagpatuloy ang babae: "No-
ong araw, sinasabing: Sumangguni lamang sa
Abel at ayos na ang lahat, 19 kung gusto mong
malaman ang mga kaugalian ng mga tapat sa
Israel. At ngayo'y gusto ninyong wasakin ang
inang-lunsod sa Israel. Bakit ninyo gustong wa-
sakin ang pamana ni Yawe?" 20 Sumagot si
Yoab: "Walang-wala akong balak na wasakin
ang lunsod! 21 Hindi ganito ang pangyayari kundi
isang lalaking galing sa kabundukan ng Efraim
na nagngangalang Seba na anak ni Bikri ang
naghimagsik kay Haring David. Isuko ninyo siya
at iiwan namin ang siyudad."

At sinabi ng babae kay Yoab: "Ihahagis
namin sa iyo mula sa pader ang kanyang ulo."
22 Tinipon ng babae ang buong bayan at sa
kanyang talino'y nakumbinsi ang mga iyon na
pugutan ng ulo si Sebang anak ni Bikri. Inihagis
nila ang ulo kay Yoab at hinipan nito ang trum-
peta at lumayo sila sa lunsod. Umuwi ang bawat
isa sa sariling tahanan, at nagbalik si Yoab sa
hari sa Jerusalem.

23 Pinamunuan ni Yoab ang buong hukbo ng
Israel. Si Benayang anak ni Yehoiada naman
ang namuno sa mga Kereteo at Peleteo. 24 Si
Adoram ang namuno sa sapilitang-patrabaho,
at si Yosafat na anak ni Ahilud ang tagapagtala.
25 Si Seva ang sekretaryo, at sina Sadok at
Abiatar ang mga pari. 26 At si Ira na taga-Yair ang
pari ni David.

**Ang matinding taggutom**

**21** • 1 Nagkaroon ng taggutom sa loob ng
tatlong sunud-sunod na taon sa pana-
hon ni David at sumangguni siya kay Yawe.
Sinabi ni Yawe: "Dahil ito kay Saul at sa pagpa-
padanak ng dugo ng kanyang sambahayan
sapagkat ipinapatay niya ang mga Gibeonita."
2 (Hindi mga anak ng Israel ang mga Gibeonita
kundi mga inapo ng mga Amoreo. May sinum-
paan sa kanila ang mga Israelita ngunit tinangka
ni Saul na lipulin sila alang-alang sa Israel at
Juda.)

3 Ipinatawag ni David ang mga Gibeonita at
tinanong: "Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?
At paano ako makapagbabayad-sala upang
pagpalain ninyo ang sariling bayan ni Yawe?"
4 Sumagot sa kanya ang mga Gibeonita:
"Hindi pilak o ginto ang problema namin kay
Saul at sa kanyang angkan, at hindi rin namin
hangad na patayin ang sinuman sa Israel."

At sinabi ng hari: "Gagawin ko para sa inyo
ang sasabihin ninyo." 5 At sinabi nila sa hari:
"Pinuksa kami ng lalaking iyon at binalak na
lipulin para mawalan kami ng lugar sa buong
lupain ng Israel. 6 Ibigay ninyo sa amin ang pito
sa kanyang mga anak na lalaki upang mabitay
sila sa harap ni Yawe sa bundok ni Yawe sa
Gibeon." At sinabi ng hari: "Ibibigay ko sila."

7 Ngunit iniligtas ni David si Mefibaal na anak
ni Yonatan na anak naman ni Saul dahil sa
sumpaang ginawa nina David at Yonatang anak
ni Saul sa harap ni Yawe. 8 Kinuha ng hari sina
Armoni at Mefibaal na dalawang anak na lalaki
kay Saul ni Rizpang anak na babae ni Aya, at ang
limang anak na lalaki kay Adriel ni Merob na
anak na babae ni Saul. Anak ni Barzilai na taga-
Meholat si Adriel. 9 Ibinigay niya ang mga ito sa
kamay ng mga Gibeonita na bumitay sa kanila
sa bundok sa harap ni Yawe.

Sama-samang namatay ang pito, mga
unang araw noon ng paggapas, ang simula ng
pag-ani ng sebada.

10 Kumuha ng sako si Rizpang anak ni Aya at
inilatag ito sa bato para sa kanya mula sa simula
ng anihan hanggang pumatak sa mga bangkay
ang ulan mula sa langit. Hindi pinadapo sa mga
ito ang mga ibon sa langit kung araw o pinalapit
ang mababangis na hayop kung gabi.

11 Nang malaman ni David ang ginawa ni
Rizpang anak ni Aya at asawang-alipin ni Saul,
12 lumakad si David at kinuha niya sa mga taga-

---

• **21.**1 Ipinakikita sa atin ng kabanatang ito ang pinakadi-makataong maling paghuhusgang panrelihiyon nang panahong iyon.

*Sumangguni si David kay Yawe... Sinabi ni Yawe...* Natunghayan na natin ang kaugaliang ito ng pagtatanong sa Diyos sa paggamit ng Urim at Tummim, na ibig sabihi'y pagpapalabunutan. Maaaring pumayag si Yawe sa maraming pagkakataon na patnubayan sa ganitong paraan ang mga naniwalang binigyang-kapangyarihan ito ng Diyos. Napatutunayan natin dito na makapaghahatid sa mas masahol na paglihis ang mga pamamaraan ng mahika na ginagamit para hanapin ang sagot ng Diyos: *ang mga responsable sa taggutom ay ang mga inapo ni Saul dahil pinatay niya ang mga taga-Gibeon.*

May kapahamakang nangyayari at sinasabi ng mga tao na parusa ito ng Diyos. At kung parusa ito ng Diyos, kailangang hanapin ang may kasalanan. Malamang na ganito rin ang paniwala mismo ni David: lamang ay ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan para iligtas ang anak ng kanyang kaibigang si Yonatan.

Hindi natin masasabing naglaho na ngang tuluyan ang ganitong kaisipan. Kung may masamang nangyayari sa lipunan o sa isang samahan, marami ang naghahanap kung sino ang kanilang isasakripisyo bago tingnan kung sila mismo ang may kinalaman sa pagkakamali.

Yabes ng Galaad ang mga buto nina Saul at
Yonatang anak nito. (Sila ang palihim na kumu-
ha sa mga iyon sa pinagbitinan ng mga Pilisteo
nang patayin nila si Saul sa Gilboa.) 13 Dinala ni
David mula roon ang mga buto ni Saul at ni
Yonatang anak nito, at pinagsama-sama nila
ang mga buto ng mga binitay. 14 Inilibing nila ang
mga buto nina Saul at Yonatan sa lupain ng
Benjamin sa Sela sa libingan ni Kis na ama ni
Saul. At pagkatapos magawa ang iniutos ng
hari, dininig ng Diyos ang panalangin para sa
lupain.

15 Muling nakipagdigmaan ang mga Pilisteo
sa Israel. Lumusong si David kasama ang kan-
yang mga tauhan at nakipaglaban sa mga Pi-
listeo. Napagod na si David, 16 at noo'y tinangka
siyang patayin ni Isbi-Benob na inapo ng higan-
te. May tansong sibat ito na tatlo't kalahating
kilo ang timbang, at may bagong tabak. 17 Su-
balit sinaklolohan ni Abisai na anak ni Sarvia si
David. Sinaksak nito ang Pilisteo at pinatay. At
isinumpa ng mga tauhan ni David: "Hinding-
hindi na kayo sasama pa sa amin sa labanan
upang hindi mamatay ang ilaw ng Israel."

18 Pagkatapos nito, nagkaroon ng iba pang
pakikipaglaban sa mga Pilisteo sa Gob. Doon
pinatay ni Sibekai na taga-Husa si Saf na isa pa
sa mga inapo ng higante.

19 At sa isa pang pakikipaglaban sa mga
Pilisteo sa Gob, pinatay naman ni Elhanan na
anak ni Yaare-oregim ng Betlehem si Goliat ng
Gat na ang hawakan ng sibat ay sinlaki ng
tahilan ng habihan.

20 Sa isa pang labanan sa Gat, may isang
malaking lalaking may anim na daliri sa bawat
kamay at paa – dalawampu't apat na lahat.
Inapo rin siya ng higante. 21 Hinamon niya ang
Israel ngunit pinatay siya ni Yonatan na anak ni
Simei na kapatid ni David.

22 Nahulog sa mga kamay ni David at ng
kanyang mga tauhan ang apat na inapong ito ng
higante.

**Awit ni David**

**22** • 1 Inawit ni David ng mga salita ng kan-
tang ito nang iligtas siya ni Yawe sa mga
kamay ng kanyang mga kaaway at ni Saul.
2 Sinabi niya:

*"Si Yawe ang aking bato, ang aking moog at aking tagapagligtas.*
3 *Ang aking Diyos ang aking bato, sa iyo ako kumukubli;*
*aking kalasag, aking lakas, aking kaligtasan;*
*ang aking kuta at aking kublihan;*
*aking Tagapagligtas, sinagip mo ako sa karahasan.*
4 *Kay Yawe ako tumatawag, karapat-dapat purihin,*
*iniligtas niya ako sa aking mga kaaway.*
5 *Pinalibutan ako ng alon ng kamatayan,*
*tinabunan ng dumadaluhong na agos;*
6 *iginapos ako ng mga lubid ng Lugar ng mga Patay,*
*at nasa harap ko ang mga bitag ng kamatayan.*
7 *Sa gitna ng kagipitan, tumawag ako kay Yawe,*
*tumawag nga ako sa aking Diyos.*
*At dininig niya ang aking tinig mula sa kanyang templo,*
*umabot sa kanyang mga tainga ang aking hinaing.*
8 *At yumanig at lumindol ang lupa,*
*mga haligi ng kalangita'y yumayanig,*
*lumilindol dahil sa kanyang galit.*
9 *Pumailanlang ang usok mula sa kanyang ilong,*
*bumuga sa kanyang bibig, apoy na tumutupok.*
10 *Hinati ang langit at siya ay bumaba,*
*naglagablab mula rito nag-aapoy na mga baga,*
*madilim na ulap sa ilalim ng kanyang mga paa.*
11 *Sakay siya ng kerubin at lumipad sa mga pakpak ng hangin.*
12 *Ginawa niyang kulandong ang kadiliman,*
*makapal na mga ulap ng ulan sa langit.*
13 *Mula sa ningning sa kanyang harapan,*
*pinasiklab nag-aapoy na baga.*
14 *Kumulog, dumagundong si Yawe mula sa langit,*
*at ipinarinig ng Kataas-taasan ang kanyang tinig.*
15 *Pinana niya at pinangalat ang mga kaaway,*
*kumidlat at sila'y pinuksa.*
16 *Lumitaw ang lupa ng dagat,*
*nalantad ang pundasyon ng daigdig*
*sa banta ni Yawe,*
*sa buga ng hininga ng kanyang ilong.*
17 *Mula sa kaitaasan, inabot niya ako;*
*mula sa malalim na tubig, iniahon niya ako.*

• **22.1** Halos katulad na katulad ng Salmo 18 ang "Awit" na ito ni David.

[18] *Sinagip niya ako sa malakas na kaaway,*
*sa mga napopoot sa akin na mas malakas sa akin.*
[19] *Sinalakay nila ako sa araw ng aking kagipitan,*
*subalit si Yawe ang naging sandigan ko.*
[20] *Inilabas niya ako sa malawak na lugar,*
*sinagip ako pagkat mahal niya ako.*
[21] *Pinakitunguhan ako ni Yawe sa aking pagkamatuwid,*
*ginantimpalaan ako sa kalinisan ng aking mga kamay.*
[22] *Sapagkat sinunod ko ang mga daan ni Yawe,*
*at di ko tinalikuran ang aking Diyos para sa masama.*
[23] *Laging nasa harap ko ang kanyang mga pasya,*
*at hindi ako lumalayo sa kanyang mga kautusan.*
[24] *Sa harap niya'y wala akong kasalanan,*
*at nanatili akong malayo sa pagkakasala.*
[25] *Ginantimpalaan ako ni Yawe sa aking pagkamatuwid,*
*sa kalinisan ko sa kanyang paningin.*
[26] *Sa tapat, ipakikita mong tapat ka,*
*sa matuwid, ipinakikita mong matuwid ka.*
[27] *Sa dalisay, ipinakikita mong dalisay ka;*
*ngunit sa balakyot, ipinakikita mong tuso ka.*
[28] *Inililigtas mo ang bayang aba*
*ngunit minamata ang mapagmataas.*
[29] *Ikaw nga ang aking tanglaw, O Yawe;*
*tinatanglawan ni Yawe ang aking karimlan.*
[30] *Oo, kung kasama kita, masasagupa ko buo mang hukbo,*
*malulundag ko ang pader sa pamamagitan ng aking Diyos.*
[31] *Napakabuti ang daan ng Diyos,*
*subok na ang salita ni Yawe;*
*kalasag siya ng lahat na kumakanlong sa kanya.*
[32] *Sapagkat sino pa ba ang Diyos liban kay Yawe?*
*At sino ang bato maliban sa ating Diyos?*
[33] *Ang Diyos ang aking matibay na kanlungan,*
*nalilinis niya ang aking daraanan.*
[34] *Mga paa ko'y ginagawa niyang gaya ng sa usa,*
*pinatatayo ako sa matataas na lugar.*
[35] *Sinasanay niya ang aking mga kamay sa pakikipaglaban*
*at ang aking mga bisig upang banatin ang tansong pana.*
[36] *Ibinigay mo sa akin ang kalasag ng iyong pagliligtas;*
*sa iyong kabutihan, ginawa mo akong dakila.*
[37] *Pinalawak mo ang aking hahakbangan,*
*at hindi ako madudulas;*
[38] *hinabol ko ang aking mga kaaway at sila'y pinuksa,*
*hindi ako bumalik hanggang hindi sila naubos.*
[39] *Inubos ko sila at nilupig, at di na makatayo,*
*nabuwal sila sa ilalim ng aking mga paa.*
[40] *Pinalakas mo ako para sa labanan,*
*pinayuko mo sa harap ko ang aking mga kalaban.*
[41] *Pinatalikod mo sa akin ang aking mga kaaway,*
*tinapos ko ang mga namumuhi sa akin.*
[42] *Humingi sila ng saklolo*
*ngunit walang makapagliligtas sa kanila –*
*kay Yawe, ngunit hindi sila tinugon.*
[43] *Pinulbos ko sila gaya ng alabok sa lupa,*
*tinapakan ko sila't tinuntungan tulad ng putik sa lansangan.*
[44] *Iniligtas mo ako sa mga paghihimagsik ng aking bayan*
*at pinanatiling pinuno ng mga bansa.*
*Pinaglingkuran ako ng isang bayang di ko kilala,*
[45] *dumating ang mga dayuhan para pasakop,*
*sa sandaling marinig ako, sila'y sumusunod.*
[46] *Nasiraan ng loob ang mga banyaga,*
*nagsilabas silang nanginginig sa kanilang mga kuta.*
[47] *Mabuhay si Yawe! Purihin ang aking Bato!*
*Ipagbunyi ang Diyos, ang Bato ng aking kaligtasan,*
[48] *ang Diyos na nagbibigay sa akin ng paghihiganti*
*at siyang sa aki'y nagpapasailalim sa mga bansa.*
[49] *Inililigtas mo ako sa aking mga kaaway,*
*itinataas sa aking mga kalaban,*
*sinasagip sa mga taong marahas.*
[50] *Kaya pupurihin kita, Yawe, sa gitna ng mga bansa,*
*aawitan ng papuri ang iyong Pangalan.*
[51] *Malaking tagumpay ang ibinibigay niya sa kanyang hari,*
*at ipinamamalas ang walang-maliw na pagibig sa kanyang pinahiran,*
*kay David at sa kanyang lahi magpakailanman."*

**23** [1] Ito ang mga huling salita ni David:
Ang tula ni David na anak ni Jese,
ang tula ng lalaking itinaas ng Diyos,
ang pinahiran ng Diyos ni Jacob,
ang mang-aawit ng mga salmo ng Israel:
[2] "Sa pamamagitan ko'y nagsasalita ang Espiritu ni Yawe,
nasa dila ko ang kanyang salita.
[3] Nagsalita ang Diyos ng Israel,
sinabi sa akin ng Bato ng Israel:
Ang makatarungang naghahari sa mga tao
at namumunong may pitagan sa Diyos
[4] ay tulad sa liwanag ng umaga sa bukan-liwayway,
sa isang umagang walang ulap
na nagpapasibol sa damo mula sa lupa pagkatapos ng ulan.
[5] Hindi ba't ganito nga ang aking sambahayan sa harap ng Diyos?
Tipang panghabampanahon ang kanyang sinumpaan sa akin,
maayos at matatag sa lahat ng bagay.
Hindi ba niya pasisibulin ang aking kaligtasan
at lahat ng aking hinahangad?
[6] Ngunit tinik na itinatapon ang masasama,
hindi sila hinahawakan
[7] kundi dapat pang gumamit ng bakal o hawakan
ang hihipo sa mga ito;
sinusunog ang mga ito."

**Mga magigiting ni David**

• [8] Ito ang pangalan ng mga magigiting na kasama ni David: si Isbaal na Takmonita na pinuno ng Tatlo. Iniulos niya ang kanyang sibat, at walundaan ang napatay niya sa isang labanan lamang.
[9] Kasunod niya si Eleazar na anak ni Doding anak ng isang Ahohita. Isa siya sa tatlong magiting na kasama ni David nang hamunin nila ang mga Pilisteong nagkakatipon doon para lumaban. Nang umatras ang mga Israelita,
[10] nanindigan siya't pinagtataga ang mga Pilisteo hanggang mamanhid ang kanyang kamay at dumikit ito sa kanyang tabak. Naghatid si Yawe ng malaking tagumpay nang araw na iyon. Sinundan siya ng iba pang mandirigma ngunit para lamang manamsam.
[11] Kasunod niya si Samma na anak ni Ageng Ararita. Nagtipon ang mga Pilisteo sa Lehi – may bukid doong puno ng munggo – at nagsitakas ang mga tao sa harap ng mga Pilisteo.
[12] Ngunit tumayo si Samma sa gitna ng taniman at ipinagtanggol ito at pinagtataga ang mga Pilisteo. At naghatid si Yawe ng malaking tagumpay.
[13] Anihan noon, at ang tatlong ito na pinakamagiting sa Tatlumpu na nagpunta kay David sa yungib sa Adullam samantalang nakakampo naman ang hukbo ng mga Pilisteo sa Lambak ng Refaim.
[14] Nasa kuta si David at nasa Betlehem naman ang garison ng mga Pilisteo.
[15] Nauhaw si David at sinabing "Sino ang magpapainom sa akin ng tubig mula sa balon sa may pintuan ng Betlehem?"
[16] Kaya pinasok ng tatlong magiting ang kampo ng mga Pilisteo, sumalok ng tubig sa balon sa may pintuan ng Betlehem at dinala ito kay David. Ngunit ayaw itong inumin ni David kundi ibinuhos para kay Yawe.
[17] Sinabi niya: "Hinding-hindi ko ito magagawa, O Yawe. Hindi ba ito dugo ng mga lalaking umalis at isinuong sa panganib ang kanilang buhay?" Kayat ayaw niyang uminom. Ganito ang ginawa ng tatlong magiting.
[18] Si Abisai na kapatid ni Yoab at anak ni Sarvia ang puno ng Tatlumpu. Iniunat niya ang kanyang sibat laban sa tatlundaan at pinatay ang mga iyon, kaya tumanyag siyang gaya ng Tatlumpu.
[19] Pinakatanyag siya sa Tatlumpu at naging pinuno nila, ngunit hindi pa rin niya napantayan ang Tatlo.
[20] Magiting na lalaki si Benaya na anak ni Yehoiada na taga-Kabzel, at kahanga-hanga ang kanyang mga gawa. Dalawang anak ni Ariel ng Moab ang kanyang pinatay. Isang araw na umuulan ng yelo, lumusong siya sa isang balon at pinatay ang leong naroroon.
[21] Pinatay din niya ang isang malaking Ehipsiyong may hawak na sibat. Sinugod ito ni Benaya na pamalo lamang ang dala at inagaw ang sibat sa kamay ng Ehipsiyo at pinatay ito sa pamamagitan ng sariling sibat nito.
[22] Ginawa ni Benayang anak ni Yehoiada ang lahat ng ito at tumanyag siyang gaya ng tatlong magiting.
[23] Pinakatanyag siya

---

• **23.**8 Sa pagtatalaga ng kabanatang ito sa alaala ng mga "magiting" ni David (tingnan din ang paliwanag sa 1 S 22), ibinibigay sa kanila ng Biblia ang nararapat. Isinabuhay ng mga lalaking ito ang kanilang pananampalataya at tinupad ang kanilang misyon sa pakikipaglaban at pagpatay sa kanilang mga kaaway na sa tingin natin ngayo'y parang napakalayo sa sinasabi ng Ebanghelyo. Ngunit alam natin na dahil sa kanila, sa kanilang lakas at katapangan kaya naging hari si David. Nakikita muli rito na hindi sinasawata ng pananampalataya ang tunay na kalagayang pantao, ni ang panahong kinakailangan para sa ebolusyon ng pamantayan ng moralidad. Mga dantaon ang kinailangan para gawing ganap ang pagkatuto ng bayan ng Diyos, pero kung kailangang tumagal ito nang mga dantaon, kailangan munang manatili itong buhay.

sa Tatlumpu pero hindi niya napantayan ang
Tatlo. Ginawa siya ni David na pinuno ng kan-
yang mga badigard.
24 Kabilang sa Tatlumpu sina:
Asael na kapatid ni Yoab, Elhanan na anak ni
Dodo ng Betlehem, 25 Samma at Elika ng Harod,
26 Helez na Peleteo, Irang anak ni Ikkes ng
Tekoa, 27 at Abiezer ng Anatot, Sibekay ng Husa,
28 Zalmon ng Ahoh, Maharai ng Netofa, 29 Heleb
na anak ni Baana ng Netofa, Ittay na anak ni
Ribai ng Gibea ng Benjamin, 30 Benaya ng
Piraton, Hiddai ng batisan ng Gaas, 31 Abialbon
ng Bet-Araba, Azmavet ng Bahurim, 32 Eliaba ng
Saalbon, Yasen na anak ni Yonatan, 33 Samma
ng Harar, Ahiam na anak ni Sarar ng Harar,
34 Elifelet na anak ni Ahasbai ng Maaka, Eliam
na anak ni Ahitofel ng Gilo, 35 Hezrai ng Karmel,
Paarai ng Arab, 36 Igal na anak ni Natan ng Zoba,
Bani ng Gad, 37 Selek na Amonita, Naharai ng
Beerot at tagapagdala ng sandata ni Yoab na
anak ni Sarvia, 38 Ira at Gareb ng Yatir, 39 at Urias
na Heteo. Tatlumpu't pito silang lahat.

**Ang senso ni David**

**24** • 1 Muling nag-apoy ang poot ni
Yawe sa Israel, at pinasigla niya si
David sa ikasasama nila: "Sige, bilangin
mo ang Israel at Juda."
2 Sinabi ng hari kay Yoab na heneral ng
kanyang hukbo: "Libutin ninyo ngayon
ang lahat ng tribu ng Israel mula Dan
hanggang Berseba, at bilangin ang mga
tao para malaman ko kung gaano sila
karami."
3 Sinabi ni Yoab sa hari: "Makasanda-
ang ibayo sanang paramihin ni Yaweng
iyong Diyos ang iyong mga tauhan, at
masaksihan nawa ito ng mga mata ng
aking panginoong hari. Ngunit bakit gus-
tong gawin ng aking panginoong hari ang
bagay na ito?"
4 Ngunit nakapangyari ang salita ng
hari kaysa kay Yoab at sa mga opisyal ng
hukbo kayat umalis sila para bilangin ang
bayan ng Israel. 5 Tumawid sila sa Jordan
at nagsimula sa Aroer na lunsod na nasa
pinakagitna ng kapatagan at nagpatuloy
sa Gad at Yazer.
6 Nagpunta sila sa Galaad at sa lupain
ng mga Heteo at sa Kades. Nagtuloy sila
sa Dan at bumalik papuntang Sidon, 7 at
dumating sa kuta ng Tiro at sa mga ka-
bayanan ng mga Heveo at mga Kananeo.
Nagtapos sila sa Negeb ng Juda at Ber-
seba.
8 Nilibot nila ang buong lupain at nag-
balik sa Jerusalem sa katapusan ng si-
yam na buwan at dalawampung araw.
9 Ibinigay ni Yoab sa hari ang bilang ng
senso: may walundaang libong magi-
giting na lalaki sa Israel na makahahawak
ng tabak, at may limandaang libo naman
sa Juda.
10 Ngunit kinunsiyensiya si David ma-
tapos maisagawa ang senso, at sinabi kay
Yawe: "Lubha akong nagkasala sa aking
ginawa. Ngunit ngayon, O Yawe, pawiin
mo nawa ang pagkakasala ng iyong
lingkod pagkat malaking kahangalan ang
aking ginawa."
11 Kinabukasan, paggising ni David,
dumating sa propetang si Gad na mang-

• **24.**1 Malaki ang inilago ng kaharian. Lumawak ang nasasakupan nito, dumami ang mga hayop at hukbo. Malaking bayan ang Israel at natukso si David na malaman kung ilang tao me-ron ang buo niyang lupain kaya nagpasenso siya.

Hindi masama ang senso sa ganang sarili nito. Ang masama ay ang paniwalang nakasisiguro ka na dahil sa pagkakaroon ng maraming tao o sundalo, o kaya'y ang pagiging buhos na buhos ang isip sa dami, sa bilang, at nakakalimutan na ang importante na walang iba kundi ang uri. Nakakalimutan ni David na tagapama-hala lamang siya at kinatawan ng Diyos sa Israel: hindi kanya ang mga tupa. Sa lahat ng antas ng lipunan, gusto ng mga taong bilangin ang kanilang mga hayop o kaya'y ilista ang kanilang mga nagawa, gayong sa totoo'y ang Diyos ang may-ari ng lahat ng atin.

Inilalahad dito ng sumulat ang salot bilang gawa ng Diyos para parusahan ang hari. Sa ganito'y kaisa siya sa mga paniwala ng mga tao ng kanyang panahon. Napakadali noong tanggapin na gawa nga iyon ni Yawe para patayin ang mga Israelita kahit na wala silang kinalaman sa kasalanan ng kanilang hari. Para sa ati'y mas tama sigurong sabihin na gumawa ang Diyos sa pagsusugo kay Propeta Gad ilang araw bago nagsimula ang salot, isang salot siyempre na hindi naman himala. Kaya sa paggamit ng isang lenggu-waheng maiintindihan ni David, gusto niyang bigyan ng leksiyon si David at ng isang tanda ng bigat ng kanyang kasalanan.

Tingnan ang sinasabi tungkol sa panlahatang kaparusahan sa Josue 7 at ang tungkol sa Anghel ni Yawe sa Genesis 16.

huhula ni David ang salita ni Yawe: 12 "Humayo ka't sabihin kay David: Ito ang sinasabi ni Yawe – binibigyan kita ng tatlong pagpipilian. Pumili ka ng isa at ito ang gagawin ko sa iyo." 13 Pinuntahan nga ni Gad si David at tinanong: "Gusto mo ba ng tatlong taong taggutom sa iyong lupain? O tatlong buwan kang magtago sa iyong mga kaaway habang hinahabol ka nila? O tatlong araw na salot sa iyong lupain? Isipin mo ngayon at pagpasyahan ang isasagot ko sa nagsugo sa akin."

14 Sinabi ni David kay Gad: "Labis akong nababalisa. Mahulog na tayo ngayon sa kamay ni Yawe na sagana sa awa ngunit huwag akong pabayaang mahulog sa kamay ng mga tao."

15 Kaya nagpadala ng salot si Yawe sa Israel mula umaga hanggang sa itinakdang oras. Pitumpung libo ang namatay sa mga tao mula Dan hanggang Berseba.

16 Iniunat ng anghel ang kanyang kamay sa Jerusalem para puksain iyon ngunit pinagsisihan ni Yawe ang pagpaparusa at sinabi sa anghel na namumuksa: "Tama na, iurong mo ang iyong kamay!" Nasa may giikan noon ni Araunang Yebuseo ang anghel ni Yawe.

17 Nang makita ni David ang anghel na pumapatay sa mga tao, sinabi niya kay Yawe: "Ako ang nagkasala! Ako ang gumawa ng masama, ngunit mga tupa lamang ang mga ito. Ano ang nagawa nila? Sa akin at sa angkan ng aking ama mo ibagsak ang iyong kamay."

18 Nagpunta si Gad kay David nang araw na iyon at sinabi sa kanya: "Umahon ka at magtayo ng altar kay Yawe sa giikan ni Araunang Yebuseo."

19 Umahon nga si David gaya ng iniutos ni Yawe sa pamamagitan ni Gad. 20 Nang makita ni Arauna na palapit sa kanya ang hari at ang mga tauhan nito, sumalubong siya at yumukong abot sa lupa ang mukha sa harap ng hari, 21 at sinabing "Ano ang sadya ng aking panginoong hari sa kanyang lingkod?" Sumagot si David: "Bibilhin ko ang iyong giikan para makapagtayo ako ng altar kay Yawe at nang tumigil na ang salot sa bayan." 22 Sinabi ni Arauna kay David: "Kunin na ng aking panginoong hari ang mabuti sa palagay niya at ihandog ito. Narito ang aking mga baka para sa sinunog na handog, at ang mga karitong panggiik at pamatok para gawing panggatong. 23 Ibinibigay ni Arauna sa hari ang lahat ng ito, O mahal na hari. Dinggin nawa kayo ni Yaweng inyong Diyos."

24 Ngunit sinabi ng hari kay Arauna: "Hindi, babayaran ko sa iyo ang lahat ng ito pagkat hindi ko maihahandog kay Yaweng aking Diyos ang mga sinunog na handog na hindi ko binayaran." Kaya binayaran ni David ng limampung shekel na pilak ang giikan at mga baka. 25 Nagtayo si David ng altar kay Yawe at nag-alay ng mga sinunog na handog at ng mga hain sa mabuting pagsasamahan. At nahabag si Yawe sa lupain at tumigil ang salot sa Israel.